# PAGTATATAG NG TRADISYON AT KUMBENSIYON:
## Ang Soap Opera sa Radio, 1922-1963

Louie Jon A. Sánchez

Ang soap opera, sa pagpapakilala rito sa bansa ng mga Americano sa midyum ng radyo, ay mahihiwatigang nahinuha at tinanggap batay sa tradisyonal at kombensiyonal nitong pagkakaanyo at kagamitan. Isa itong sunuran at bukás (open-ended) na naratibong nailalako't nabubúhay sa napagkakakitahang tangkilik.

Taglay nito, ang mga katangiang bumuo rito't nakamihasanan mula sa minulang kultura, gaya ng makikita sa talâan ng "necessary and sufficient aesthetic elements" nito sang-ayon sa pangunahing kritiko ng soap opera sa America na si Allen (1985):

1. Narratively, soap operas were marked by their absolute resistance to closure...
2. ...Soap operas were also marked by their contemporary setting and emphasis upon which we might call "domestic" concerns.
3. Because of their status as vehicles for the advertising of consumer products, soap operas were from the beginning "didactic" in nature.
4. Soap operas were from their inception "women's fictions," designed for and enjoyed by Depression-era American women, managing households and taking care of children.[1]

O kahit sa mismong "five elements of soap opera storytelling" na iminungkahi ni James Wittebols (2004) sa kaniyang pag-unawa sa anyong ito bílang "commodity form":

1 Robert Allen, "Toward a History of Soap Opera Reception," *Speaking of Soap Operas* (Chapel Hill: The University of North Carolina Press, 1985), 137-138.

*Seriality:* A soap's most distinguishing characteristic is its continuity from one program to the next. Suspension of stories until the next episode is a primary element in developing audience loyalty.

*Real-time orientation:* Soaps reflect an everyday world in which events flow as seamlessly as possible to create an air of realism. This is designed to give the audience a sense of immediacy. As they reflect the larger culture's calendar, they provide a parallel to the viewer's own world.

*Seeming intimacy*. This element fosters a sense of involvement or spectatorship for the audience without actually being there. Viewers can become a "fly on the wall" in the world of soaps, as soap storytelling brings viewers into the minds of the cast of character inhabiting a soap community.

*Story exposition:* The manner in which stories are presented to audiences allows them to gain a sense of omniscience by grasping the overall set of relationships in the story. Through multiple perspectives on a story, the audience comes to feel a greater command of an issue or situation than do the characters in the soap world.

*Characteristics of the soap series*: Three subelements help define the types of themes found in soap operas: conflict and/or chaos, good and evil characters, and generally presenting a materially comfortable upper-middle-class existence.[2]

Dahil kakarampot ang mga banggit hinggil sa simula at pag-unlad ng *soap opera* sa mga pagkakasaysayang panradyo, pangunahin na ang kay Enriquez (2003, 2008) na saligan ng kabanatang ito, ibig kong ihaka na nagsimula ito bandáng dekada 40, sa panahong isa nang malaganap na industriya ang radyo sa bansa at patuloy na tumutuklas sa mga pamamaraan ng pagtataguyod sa pangangalakal ng plataporma gámit ang aliw. Hindi malabis na sapantaha na nakasumpong ang radyo sa soap opera ng isa pang

2 James Wittebols, "Introduction," *The Soap Opera Paradigm: Television Programming and Corporate Priorities* (Lanham: Rowman and Littlefields Publishers, 2004), 3.

bagong posibilidad para sa mga patuloy na sinusuyong tagapakinig nang simulan itong maisahimpapawid. Isa itong produktong malawak ang abót, mahaba ang búhay, at madaling iangkop at lapatan ng inobasyon, sa ngalan ng kita. Patunay sa ganitong palagay ang patuloy na pag-iral ng soap opera—magpahanggang ngayon sa radyo, sa parehong *amplitude modulation* (AM) at *frequency modulation* (FM) bands.

Hindi nalalayo ang munakalang ito sa pagpapakahulugang minsang inihayin ni Allen (1985). Aniya, ang anyong ito, noon pa mang ipinakikilala't pinalalaganap pa lámang sa radyong Americano, at hanggang ganap na makapagtransisyon patungo sa telebisyon, ay isa ngang "narrative text in service of an economic imperative."[3]

Nakapaloob sa mga susing dalumat na "narrative text" o salaysay at "economic imperative" o pangkalakalang takda ni Allen ang katangian ng soap opera na magpasabik sa mga tagapakinig [o manonood, sa kaso ng telebisyon] upang mapanatili ang tangkilik sa salaysay, kasabay ng tangkilik sa mga produkto [na noong una'y mga domestikong pangangailangan, lalo na ang sabóng panlaba; kayâ nga "soap opera"] na umaagapay, at kung minsan pa nga ay nagdidikta na nga sa mga tunguhin at pananatili ng mga dramang de-serye sa eyre. Batayang prinsipyo itong sa tingin ko'y minana at pinagsasaluhan ng lahat ng mga kulturang yumakap sa soap opera bílang kulturang popular sa iba't ibang panig ng daigdig. Ito rin ang magiging saligan ng mga pagbago rito sa Filipinas sa mga susunod na panahon.

Sa pagkakataong ito, ibig kong maghayin ng pagpapalawig sa pagdalumat na ito sa pamamagitan ng isang masusing kontekstuwal na paghahagilap sa soap opera sa radio. Panimula at eksploratoryo lámang ang gagawin ko, sapagkat karapat-dapat ding mapag-aralan nang hiwalay, lalo pa't may mga kultural na partikular na kailangang isaalang-alang, kung ang ibig ay isang paghihinuhang matibay ang saligang pangkasaysayan. Papaano hininuha, at maaari'y nakapagtatag ng tradisyon at kumbensiyon, ang soap opera sa bansa lalo nang simulang maisahimpapawid ito sa midyum ng radyo, at bago maisalin bílang isang palabas sa telebisyon?

Hahanguin ko ang mga pagkakaunawa rito upang sa hulí ay itanghal ang sa ganang akin ay isang malakihang larawan ng tradisyon at kombensiyon ng soap opera sa pagkakaanyo rito ng radyo sa pagitan ng sirka 1922 hanggang 1963. Sákop ng talakay ang panahon ng pagsilang ng radyo

3 Allen, "An Institutional History of Soap Opera," *Soap Operas,* 100.

noong dekada 20 hanggang sa transisyon ng soap opera patungong telebisyon noong 1963.

Magiging tampok sa pangkabuuan ang pag-usbong at paglaganap ng soap opera, lalo matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Salalayan nito ang kontekstong nailalapat ng kaligiran ng pag-usbong at paglaganap ng radyo sa Filipinas.

"Pagkakaunawa" ang materyal ko rito, lalo pa't sa panahon ngayon, kakarampot ang mga pangunahing sanggunian para sa pag-aaral. Tanging gunita't banggit [tuwiran man o hindi] ang matatagpuan, kasáma ng iba pang nalathalang salaysay at pagkakasayayan, ang maaaring makasangkapan sa pagbuo sa isang mapagbabatayang lawas ng kasaysayan.

Ang tradisyong nabanggit ay ipinaliliwanag at tinutuklas ko sa masasabing tatlong mahahalagang salik na bumuo rito: (1) ang naging lugar nito sa kasaysayan ng radyo; (2) ang mga usapin ng pakikinig dito; (3) at ang pag-uugat ng anyo nito sa katutubong tradisyong patanghal at pasalaysay.

Mahalagang maunawaan ang sinasabing "tradisyon" at "kombensiyon" sapagkat ang mga ito ang sa tingin ko'y magiging batayan ng paglinang dito sa simula at pagsasalin dito sa panibagong anyo ng midyum ng telebisyon ng mga naging kagawiang pamproduksiyon at resepsiyon nito sa isang bandá, at katangiang pang-anyo sa isa pa.

Mga operatibong salita ang "tradisyon" at "kumbensiyon." Ang una'y tumutukoy sa pag-uugat sa minulan ng mga praktika o kagawiang naipása o ipinamana. Ang ikalawa'y sa mga napagkasunduang paggamit o pamamaraan ng paglikha nito. Kung idadawit sa usapin ng soap opera, maigigiit ang dalawang mahalagang pagsasaalang-alang: (1) ang pagiging angkat na teknolohiya nito, mana mula sa mga Americano at bahagi ng operasyong kolonyal; at (2) ang kusa nitong pag-uugat sa larang ng brodkast sa bansa na humubog at humuhubog magpahanggang ngayon sa kulturang popular.

Sa pamamagitan ng mga ito mapapangatwiranan ang pagkakatatag ng isang *lokalisadong* tradisyon at kombensiyon ng soap opera, at sa hulí, pangangailangan sa lalo pang pag-uusisa hinggil dito. Para sa akin, nagkaroon ito ng, gaya ng sinasabi ni S. Reyes (1982) hinggil sa nobelang Tagalog, "sariling mga batas at alituntunin ng komposisyon na sinusunod."[4] Katulad ng nobela, na isa ring angkat na anyong pampanitikan, inangkop ang soap

4 Soledad Reyes, "Mga Ugat ng Tradisyon," *Nobelang Tagalog 1905-1975, Tradisyon at Modernismo* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1982), 1.

opera ng mga Filipino batay sa pangangailangan at kultura. Ibig kong ihapag ang mga pag-unlad nito, pati na rin ang animo'y mga batas at alituntunin ng komposisyon—sa higit na simpleng termino, mga katangian—sa balangkas ng mga pangyayaring-bayan na tiyakang humubog dito.

Sapagkat sa pag-aaral ng teleserye—ang kasalukuyang malaganap na anyo ng soap opera sa telebisyon—kailangangan ang pag-uugat sa soap opera sa radyo dahil ito ang naging palabinhian nito. Kailangan ito upang talagang maunawaan at mabigyan ang popular na anyo ng nararapat na pagpapahalaga. Sa ating pagkakasaysayan, soap opera sa radyo ang naging unang yugto nito ng pag-unlad, at unang pangalan sa isang mahabang panahon at patuloy na ebolusyon.

## Pagpopook sa Soap Opera sa Kasaysayan ng Radyo: Ang Radyo Bílang Pamanang Kolonyal

Dala-dala ng mga Americano ang radyo sa Filipinas, na nagsimula sa kanilang paekspe-eksperimento bandáng 1900 sa kanilang bansa. Isa na itong kagawiang pangkalakalan sa America nang pag-eksperimentuhan naman sa Maynila noong 1922.[5] Patunay pa nga ni Lent (1968) sa kaniyang kasaysayan ng radyo sa bansa: "Comparably, Philippine radio is old. In fact, less than two years after KDKA's venture in Pittsburgh, Pennsylvania, Philippine radio had its beginnings."[6]

Hanggang sa tuluyan na ngang magamit ito para sa komersiyal na interes, nang palawakin ni Henry Hermann ang kaniyang sa simula'y eksperimental na operasyon sa pamamagitan ng 100-watt na KZKZ.[7] Palibhasa'y kolonya nga ng America ang Filipinas, isinunod din ng may pakana ang *call letters* ng estasyon sa kagawiang KZ roon.[8]

Mula sa kauna-unahang brodkast sa Nichols Air Field [sa Lungsod Pasay ngayon], unti-unting lumaki ang radyo bílang isang bagong industriya.

5 Crispin Maslog, "Philippines," sa *Handbook of the Media in Asia,* ed. Shelton Gunaratne (New Delhi: Sage Publications, 2000), 376.

6 John Lent, "Philippine Radio—History and Problems," *Asian Studies Journal* 6, blg. 1 (1968): 38.

7 Elizabeth Enriquez, *Radyo: An Essay on Philippine Radio* (Lungsod ng Maynila, Cultural Center of the Philippines, 2003), 7.

8 Ibid, 8.

Sa pagtatapos ng dekada 20, isa-isang nagsulputan ang iba pang estasyon sa Maynila, at sumunod rito ang mga estasyong sinisimulang tuklasin ang posibilidad nito bílang negosyo. Pangunahin sa mga ito ang KZIB ng negosyanteng si Isaac Beck, may-ari ng isang *department store*; at KZRM [o Radio Manila] ng Radio Corporation Philippines (RCP). RCP rin ang magtatayo ng KZRC [o Radio Cebu], itinuturing na naglunsad ng brodkasting sa labas ng Maynila.[9]

Ayon kay Maslog (2000), naging laman ng mga unang pag-eeyre ang "entertainment and news," na niyakap ng mga tagapakinig, lalo na ang aliw; nakitaan din ito agad ng "profitability" ng tulad ng mga may-ari ng *department store*, na dali-daling nangagsipagtayo ng mga estasyon, "for advertising their products."[10]

Dumami ang mga estasyon, at ganap nang naging negosyo ang radyo bandáng 1930. Giit pa nga ni Enriquez, «(t)he business of radio attained growth and stability,» sa maikling panahong ito.[11] Nagkaroon ng interes ang mga negosyante sa industriya't nagkaniya-kaniya sa pamumuhunan. Halimbawa, noong 1931, ibinenta ng RCP ang mga estasyong KZRM at KZRC sa Erlanger and Galinger, namamamahala ng *department store* na nagmamay-ari rin ng isang estasyon, ang KZEG.[12]

Nagpatúloy ang bilihan ng mga estasyon noong 1939 nang bilhin kalaunan ng negosyanteng si J. Amado Araneta ang KZEG at KZRM. Pinalitan ni Araneta ang EG ng RF para sa Radio Filipinas, habang pinanatili naman ang KZRM.[13] Kinikilalang tagapanguna ng konglomerasyon sa pangmadlang midya si Araneta, dahil sa pagmamay-ari rin niya ng kawing ng mga pahayagan.[14]

Inagapayan ng kolonyal na estado ang ganitong pag-unlad sa pagpapatupad ng Radio Control Act o Act No. 3846 ng 1931.[15] Agad na nakita ng kolonyal na pamahalaan ang "business potential of radio" kayâ

9 Ibid.

10 Maslog, "Philippines," 376.

11 Enriquez, *Radyo*, 8.

12 Ibid, 8-9.

13 Ibid, 9.

14 Ibid.

15 Francisco Trinidad, "Thirty Years of Radio in the Philippines," *Fookien Times Yearbook 1956,* 143.

minarapat na pagtatagan ng mga regulasyon.[16] Sa pamamagitan nito naitayo ang Radio Control Board, na may mandatong magbigay ng mga lisensiya, magkaloob ng *frequency* sa mga aplikanteng ibig magtayo ng estasyon, at magpatupad ng mga regulasyon.[17]

Sa ilalim ng regulasyon, nagpatúloy ang paglaki ng radyo sa bansa. Isa pang *department store*, ang H. E. Heacock Co. ni Samuel Gaches, ang magbubukas ng KZRH noong 1939. Binili rin nito ang KZRC at bumalik ito sa eyreng Cebuano noong 1940. Sa panahong ito, sinasabing "radio technology had advanced to a point where home radio sets received broadcast signals from distant countries through what is called shortwave radio."[18]

Inilarawan ni Enriquez (2003) ang napapakinggan sa radyo noong mga panahong iyon ng pag-unlad bílang binubuo ng «mostly entertainment—music, variety shows that included comedy skits, and short newscasts patterned after US programming of the time.»[19]

Pawang mga Americano rin ang namamahala, at siya ngang "first announcers and musicians as well as the engineers and technicians."[20]

Bílang tagapagtakda ng «format, tone and technical quality of programming,» ipinakilala nila ang radyo sa paraang nakagisnan nila sa America.[21] Dagdag pa, "the English language was spread with the American sense of humor," bagay na suhay sa malaganap na pampublikong edukasyong tinatamasa ng publiko, pati na rin sa kanilang kulturang popular.[22]

Magsisimula ang lokalisasyon bago magtapos ang dekada 30, dala na rin ng pagkakahimok sa mga Americanong may-ari at tagapamahala ng mga estasyon na tunghan ang "appetite for Filipino elements in the programming" ng mga tagapakinig.[23] Masasabing ito ang pinakamahalagang pangyayari na naglatag ng pundasyon ng pagsilang ng soap opera, na ang pangunahing wikang gagamitin ay ang Tagalog at iba pang wikang pambansa.

---

16 Ibid.

17 Enriquez, *Radyo*, 13.

18 Ibid, 9.

19 Ibid.

20 Ibid.

21 Ibid.

22 Ibid.

23 Ibid, 10.

Nagsimula ang lahat sa paisa-isang pag-eeyre ng mga talento at materyal na Filipino, tulad ng mga kundiman at awiting bayan.[24] Kalaunan, tatlo sa apat na mga estasyong komersiyal na ang lumilikha ng "Filipino language programs, particularly the blocktime programs"—ang KZIB, KZRF, at KZRH; KZRM na lámang ang nanatiling estasyong umeeyre lámang sa Ingles.[25]

Sa taóng 1940, may naitalang 72,000 set ng radyo sa buong bansa—o maaari, 100,000, kung isasama pa ang mga di-rehistrado.[26] Kagamitang pang-aliw na ito, ngunit higit na naging mahalaga bílang tagapagbalita, lalo noong panahong iyon na nahaharap ang lahat sa pagputok ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Nakasangkapan ito para paghandaan ang pananakop ng mga Hapón, halimbawa, sa pamamagitan ng KZND [para sa National Defense] at ng KZRH, na nagamit din sa pakikiugnay ng kolonya hinggil sa mga hakbangin ng mga Americano.[27] Sa pagbomba sa Pearl Harbor sa Hawai'i noong Disyembre 8, 1941, iniulat na "(r)adio stations quickly cancelled entertainment programs to make way for expanded schedules of newscasts."[28]

Sa Panahon ng Hapón, magiging puwang ng tunggalian ang radyo dahil sa paggamit dito, sa isang bandá, ng pamahalaang kolonyal, at ng nadistiyero sa America na pamahalaang Commonwealth sa pamumuno ni Pang. Manuel Quezon, para tiyakin sa mamamayan ang pagbabalik ng mga Americano at ng kalayaang malaon nang inaasam; at sa isa pa, ng imperyong Hápones, para sa anti-Americano at maka-Asyanong sentimiento nito.

Naging tinig ng paglaban ang di iilang estasyong tulad ng Voice of Freedom, Voice of Juan dela Cruz, at iba pang *underground radio broadcasts*, na nagpasigla sa pag-asa ng lumalabang puwersa na magagapi rin ang mga Hapón pagdating ng tamang panahon.[29]

Samantala, kinubkob naman ng mga Hapón ang KZRH at ginawa itong Philippine Islands A Manila (PIAM) upang himukin ang mamamayan

---

24 Ibid.

25 Ibid, 10-11.

26 Ibid, 14.

27 Ibid, 15.

28 Ibid.

29 Ibid, 17-18.

na yakapin ang bagong orden.[30] Bukod sa pagpapalaganap ng mga katutubong wika at kalinangan, isinahimpapawid dito ang mga programang nagtuturo sa mamamayan ng wika at kulturang Hapón.

Nang matapos ang digmaan, muling itinindig ang radyo, isang tanda ng pagbabalik ng kalayaan at kapayapaan. Ang giit pa nga ni Lent (1978), na sinipi ni Maslog (2000), "liberation from Japan in 1945 heralded the real birth of broadcasting in the archipelago."[31]

Sa tuluyang paglaya ng Filipinas mula sa America noong 1946, sa pamumuno ni Pang. Manuel Roxas, napagkalooban ang bansa ng bagong *call letters* ng International Communications Union ng America—ang "D," na siyang ginagamit magpahanggang ngayon.

Sa pagbabagong ngalan ng mga estasyon pinasinayaan ang pagbabalik ng layaw at búhay ng radyong minahal ng mga tagapakinig bago magkagiyera. Magiging panahon ng «pamumulaklak ng radyo sa Filipinas» ang dekada 50, lalo pa›t ulat ni Michael Coroza (2009), panahon din ito ng «paggigiit ng mga makabayang Filipino ng kanilang sarili matapos ang mahabang panahon ng pagiging sakop ng mga Amerikano.»[32]

Lalo namang kumalat ang radyo sa pagpapamigay ng mga *transistor* ni Pang. Carlos Garcia sa kanayunan, sa tulong ng Committee for American Relief Everywhere (CARE) noong 1958.[33]

Tinatawag ni Lent na isang "revolution" ang pagpapamigay ng mga transistor, bagaman kinasangkapan din ito "to combat subversive elements in rural areas."[34] Ginawa nitong posible ang pagtatalastas kahit sa liblib na mga baryong may mamamayang walang gaanong kakayahan na bumili ng noo'y mamahalin at malalaking *radio set*.[35]

Bukod sa nadadala ang *transistor* saanmang lupalop, kahit sa mga bukirin, basta't naaabot ng senyal ay mapakikinabangan ito. Hindi rin ito magasta sa baterya, lalo pa't wala pang koryente sa mga baryo.

30 Ibid, 17.

31 Maslog, "Philippines," 376.

32 Michael Coroza, "Ang Sining ng Saling-awit: Kasaysayan, Proseso, at Pagpapahalaga," Di-nalathalang manuskrito, 2009, 21.

33 "Administrative Order No. 279, s. 1958," *Official Gazette*, Setyembre 23, 1958, http://www.officialgazette.gov.ph/1958/09/23/administrative-order-no-279-s-1958/.

34 Lent, "Philippine Radio," 37.

35 Ibid.

Tuluyan nitong binago ang pamamaraan ng talastasan ng mamamayang nahirati sa inilarawang "word of mouth method" ng pagpapalitang-kuro at impormasyon. Naisasangkot na rin nito ang mamamayang malayò sa sentro sa mga pambansang talaban.[36]

Matapos ng digmaan, isa-isang nagbukas ang mga estasyong ito na mamamayagpag hanggang sa panahon ng pagpapakilala ng teknolohiya ng telebisyon—ang DZRH (dáting KZRH) na binili ng magkapatid na Joaquin Miguel at Manuel Elizalde at pinalaki ito bílang Manila Broadcasting Company (MBC); ang DZPI (dáting KZPI) ng Far Eastern Broadcasting Company; at ang DZFM (dáting KZFM), na kalaunan ay magiging Philippine Broadcasting Service (PBS).[37]

Nagbalik din ang radyo sa Visayas sa pamamamagitan ng DYRC ng Cebu Broadcasting Company, kaakibat ng MBC; at pati na rin ng DYBU.[38] Sa Mindanao, naging instrumental si Henry Canoy sa pagbubukas ng Radio Mindanao Network (RMN) at DXCC; ititindig din nito ang DZHP sa Manila.[39] Sa Mindanao din sisimulan ng pamilya Yabut ang Nation Broadcasting Company na sasahimpapawid kalaunan sa buong Filipinas.[40]

Kasangkot sa paglaki at pagpapalaganap ng radyo ang ilang pamantasang nagtatanghal sa publiko ng kanilang mga edukasyonal na adhika at programa, gaya ng University of Mindanao, na kinikilalang nagtayo ng "first Muslim station in the country," ang DXMV; at ng University of the Philippines na mayroon namang DZUP.[41]

Ilang sekta rin ng relihiyon ang nagmithing gamítin ang midyum sa kanilang pangangaral at pagpapakalat ng pananampalataya. Pinakatampok dito, sa tingin ko, ang DZAS at DZFE ng Far Eastern Broadcasting Company ng mga Protestante, na noong 1948 ay sinimulang palakasin ang kanilang pambansang abót.[42] Naririyan din ang DZRV o mas kilalá bílang Radio Veritas; orihinal itong DZST sa pamamahala ng Katolikong

36 Ibid.

37 Enriquez, *Radyo*, 20-21.

38 Ibid, 21.

39 Ibid.

40 Ibid.

41 Ibid.

42 Ibid.

University of Santo Tomas; matapos maitatag noong 1950 ay ipinagkaloob ito sa Simbahang Katolika noong 1968.[43]

Wika ni Enriquez, ang pag-unlad daw ng industriya ng radyo matapos ng digmaan ay maaaring ilarawang "phenomenal."[44] Ilustrasyon pa niya:

> Before the war, it took almost 20 years to bring the number of stations to five. After the war, it took only a decade to establish 33, 18 of which were in Manila. In 1968, 213 stations were operating, 40 in Greater Manila.[45]

Sa panahong nabanggit, ganap nang naangkop ng kultura ang radyo. Sa panig ng tagapakinig, naging pangunahing kagamitan ito ng talastasan, at naglilingkod para sa ikaaaliw o ikababatid ng mamamayan. Sa panig ng mga namumuhunan, naging mabunyi itong negosyong nangangalakal sa pamamagitan ng pagkalap ng *advertising* upang maitaguyod ang mga programa nitong pang-aliw at pantalastas.

Tinatawag ni Enriquez na "Golden Years" ng radyo ang "postwar programming" dahil sa nangyaring "shift to recorded music," isang pagtalikod sa naunang panahon ng mga *live performance* sa estasyon ng radyo.[46] May mga nakarekord nang awitin at tugtog na maaaring agad na i-eyre, isang "distinctive feature" ng "postwar radio music."[47]

Samantala, naging isa namang "principal genre in postwar programming"[48] ang tinawag niyang "radio drama," na soap opera rin naman kung tutuusin at sa mula't mula'y bahagi ng midyum, at pangunahin nitong nilalaman. Kasabay nitong sumikat ang mga palatuntunang "nagtatampok sa wika at mga awiting Tagalog."[49]

43 Ibid, 22.

44 Ibid.

45 Ibid.

46 Ibid.

47 Ibid.

48 Ibid, 23.

49 Coroza, 21.

## Pagsilang at Paglaganap ng Soap Opera sa Radyo

Iniulat ni Enriquez (2008) na lumitaw ang maituturing na "early models" ng soap opera sa radyo noong 1938. [50] Malaganap na ang Tagalog bílang wikang pantalastasan sa radyo noon, isang pangyayaring pinagtibay ng pagkakatalaga sa Tagalog bílang batayan ng wikang pambansa sa Konstitusyong 1935. [51] Unang lumitaw ang *Aling Juanang Mapag-impok*, isinulat ni Lina Flor, na siya ring sinasabing host ng programa. Inilarawan ito bílang "soap opera cum advice program," [52] at bahagi pa nga ng "snippets of radio dramas on programs." [53]

Sa pag-aaral naman ni S. Reyes (2000) hinggil sa mga obra ni Flor, sinasabing nagpapayo ang *Aling Juana* tungkol sa "variety of topics related to domesticity and proper behavior," at "(t)his was to be reprised, with more success, in the later years."[54] Isa pang serye ni Flor ang binabanggit ni S. Reyes na umeyre noong panahon ng Hapón sa PIAM, ang *Binhi ng Buhay*, na aniya'y "dealt with a family's experiences."[55] Patunay ito ng pagpapatuloy ng anyo sa kabila ng masigalot na panahon.

Sa taóng 1938 din lumitaw ang *Kuwentong Kutsero*, na inilarawan ni Enriquez (2008) na "precursor of the situation comedy in Tagalog." [56] Banggit pa niya, isa umano itong "satire on Filipino manners, politics, customs and government." [57] Pinamahalaan ito ni Horacio dela Costa kasáma ng mga manunulat na sina Narciso Pimentel at Jesus Paredes.[58] Talagang naging

50 Elizabeth Enriquez, "The Construction of Colonial Culture," *The Appropriation of Colonial Broadcasting: A History of Early Radio in the Philippines, 1922-1946* (Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2008), 117.

51 Basahin ang Paz Belvez, "Development of Filipino, The National Language of the Philippines," *NCCA.gov.ph*, Agosto 29, 2015, https://ncca.gov.ph/about-ncca-3/subcommissions/subcommission-on-cultural-disseminationscd/language-and-translation/development-of-filipino-the-national-language-of-the-philippines/.

52 Enriquez, "The Construction," 117.

53 Ben Aniceto, et. al., "The Radio Dramas," *Stay Tuned: The Golden Years of Philippine Radio* (Lungsod Quezon, Atlas Publishing, 2007), 402.

54 "Introduction," sa *Lina Flor: Collected Works,* ed. Soledad Reyes (Lungsod Pasig, Anvil Publishing, 2000), xxii.

55 Ibid., xxiii.

56 Enriquez, "The Construction," 117.

57 Ibid.

58 Ibid.

matagumpay at tinangkilik ito ng mga tagapakinig, at sinasabing naging daan pa nga upang maibasura ang panukalang batas para sa diborsiyo sa National Assembly. [59] Nagpatúloy itong inieeyre hanggang decade 60, "interrupted only by the Second World War,""pok(ing) fun at the establishment, especially government officials." [60] Dagdag na ulat pa: "Among the memorable characters were Lolo Hugo—voiced by dela Costa himself in the program's early years, Lucas Pacascas and Cruz Pasang Cruz."

Samantala, pinaniniwalaan namang "first soap opera in Tagalog"[61] ang *Kuwentong Kapitbahay*. Pinatutunayan ng mga minsang nakapanayam ni Vitug (1975) na nagsimulang sumahimpapawid ito "bago pumutok ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig,"[62] bagaman walang ulat na makatiyak sa ekskatong taon ng pag-eyre nito.

Ayon naman kay Ben Aniceto (2017), may orihinal na pamagat daw itong *Ang Magkakapitbahay*, isang "30-minute prime time weekly" ["Thursday and Sunday nights from 6:30 to 7:00"] na matapos ng digmaan ay "charmingly captured the Liberation atmosphere," at "(s)ponsored by Philippine Manufacturing Company (PMC)."[63]

Sa panulat ni Conde Ubaldo, isa ring tanyag na *voice talent* noon, isinalaysay daw nito—sa pag-ahon ng bansa mula sa digmaan—ang kuwento ng "difficult situations" na hinarap ng karakter ng *voice talent* na si Rebecca Gonzales at ng kaniyang kathang pamilya sa radyo habang pinakikiharapan ang manliligaw niyang isang Americanong Government/General Issue (GI) o sundalo, na ginampanan naman ni Ira Davis.[64] Masasabing pinaigting ito ng pagtutol ng "habitually drunk grandfather" na si Mang Tasyo, na ginampanan ni Fred Gonzales, at ng paghahabol ng isang Filipinong manliligaw, na ginampanan ni Teddy Baldemor. Dagdag pa ni Aniceto:

> It was a reenactment of what was factually happening in many homes at the time. GIs calling on a Filipino home to court the family's cherished maiden was a common sight. Somehow, there was

59 Ibid.

60 Ibid.

61 Lent, "Philippine Radio," 43.

62 Virgilio Vitug, "Pabrika ng Luha at Pantasya," *Sagisag,* Setyembre 1975, 14.

63 Ibid., 403.

64 Ibid.

some kind of pride among dwellers if an American visited their homes.[65]

Kalaunan, nakapag-ambag sa pagpapalaganap ng *soap opera* ang di iilang mahusay na manunulat, tulad nina Liwayway Arceo, Genoveva Edroza-Matute, Clodualdo del Mundo, Fundador Soriano, Epifanio Matute, at Pimentel.[66] Kasáma ni Flor, sila'y nangagsisulat para sa radyo nang ganap na itong maitindig matapos ng digmaan. Sila ang mga naging pangunahing manunulat sa radyo sa katapusan ng dekada 40, at maaari hanggang sa 60.

Ang mga panahong ito, kung kailan sinasabi ring umeyre ang soap opera sa Ingles noong 1947 na may pamagat na *Through The Years*, iniulat na hindi tumagal ng isang taon sapagkat "the kangkong and bagoong population couldn't understand very much English," [67] masasabing ganap na namulaklak ang soap opera sa radyo.

Sa panulat ni Arceo nagmula ang tanyag na kuwentong *Ilaw ng Tahanan*, samantalang sa babaeng Matute naman ang *Aklat ng Pag-ibig*. Si Del Mundo ang sumulat ng kuwentong humahalaw sa tradisyon ng awit at korido na *Prinsipe Amante*, habang si Soriano naman ang sa *Kahapon Lamang*. Kalaunan, pagtutulungang isulat ng lalaking Matute at ni Pimentel ang *Kuwentong Kutsero*. Kailangan ding banggitin na ibinangon noong mga panahong iyon sa radyo ang tanyag na seryeng *Mga Kuwento ni Lola Basyang* ni Severino Reyes, pati na rin ang sinasabing kaniyang katha na *Gabi ng Lagim*.

Mapanlagom si Aniceto sa kaniyang paggunita sa mga seryeng aniya'y sa pagitan ng mga hulíng bahagi ng dekada 40 hanggang 60 ay nagsilbing «misery narcotics and pulse exciters,» at «women›s dream escapes of vicarious glorious living or convenient pastime to mollify their masochistic peculiarity.»[68] May naging talâ siya sa apat sa mga nabanggit sa itaas.

Ang *Ilaw ng Tahanan*, aniya, ang "first attempt at replicating popular American soap operas" ng Philippine Manufacturing Company (PMC), at may mga karakter na binubuo nina Aling Chayong (Ester Benjamin), Alber (Mervyn Samson), Doray (Magdea Caneda), at Mang Maning (Fred

---

65 Ibid.

66 Ibid.

67 Laura Reyes, "Soap Opera," *Philippines Free Press*, Agosto 18, 1951, 18.

68 Aniceto, 401.

Gonzales); ang direktor ay si Vic Oyteza at ang tagapagsalaysay ay si Ernie Malay.[69]

Ang *Aklat ng Pag-ibig* naman aniya'y isang seryeng hindi gaaanong tinangkilik sapagkat "(it) did not maintain regular characters long enough for listeners 'to get acquainted with.'"[70] Sa kabila nito, itinuturing na "novel idea at the time" ang "change of lachrymose plots and characters," nito, "every six months," at di naglaon, dahil dito, "several drama shows would adapt the weeklong story genre in later years."[71]

Ang *Prinsipe Amante* naman, ulat niya, ay isang "6:15-6:30 DZRH serial," na nagtampok sa kuwento ng pag-ibig nina Amante (Tony Cayado) at Elena (Janet Hart); kasáma nila sa mga sapalaran ang katotong si Abad (Jose de Villa) at ang kasintahan nitong si Lini (Dely Magpayo).[72]

Ang *Mga Kuwento ni Lola Basyang* naman ay inilarawan niyang "spin-off" ng mga kuwento ni Reyes mula sa magasin na *Liwayway* at isang "Friday night drama" para sa mga kabataan.[73]

Sinususugan ng mga sariling gunita ni Edroza-Matute, sa isang panayam sa kaniya ni Enriquez (2004), ang mga obserbasyong ito ni Aniceto hinggil sa *Ilaw ng Tahanan* at *Aklat ng Pag-ibig.* Wika ng kilaláng guro at kuwentista, ang *Ilaw ng Tahanan* ay "tungkol sa papel ng nanay sa mga anak at apo."[74] Ang kaniyang akdang *Aklat ng Pag-ibig* naman ay inilarawan niya nang paganito:

> [Tungkol ito sa i]ba't ibang uri ng pag-ibig, pero hindi ako mahilig sa "boy-girl relationship." Halimbawa, pag-ibig ng tao sa bayan, pag-ibig ng tao sa Diyos, pag-ibig ng Diyos sa tao, pag-ibig ng magulang sa anak, pag-ibig ng babae sa kaniyang karera, pag-ibig sa karangalan, pag-ibig sa kalaban, mga ganoong uri ng pag-ibig, kaya ang pamagat ay *Aklat ng Pag-ibig.*[75]

69 Ibid., 404.

70 Ibid., 406.

71 Ibid.

72 Ibid.

73 Ibid., 403.

74 Elizabeth Enriquez, "Genoveva Edroza-Matute: Tungkol sa Kababaihan at Drama sa Radyo," *Plaridel* 1, blg. 2 (2004): 135.

75 Ibid., 134.

Samantalang walang banggit sa *Kahapon Lamang, Kuwentong Kutsero,* at *Gabi ng Lagim,* ginunita naman ni Aniceto ang 24 pang soap opera sa Tagalog na inilarawan niyang "dramatic vehicles of the golden years."[76]

Para sa ating talakay, maihahanay ang mga ito sa ganitong pagkakategorya, batay sa mahihinuhang nilalaman sa talâng Aniceto at mga pamagat ng serye; maipapailalim din sa mga ito ang mga seryeng ating nabanggit sa itaas: (1) drama at iba nitong permutasyon [siyang pinakamarami at binubuo ng nakamihasnang seryeng makabagbag-damdamin; didaktiko o mapangaral; at nagtatanghal sa isang pambihirang bidang tauhan]; (2) kagila-gilalas [seryeng sapalaran ng bayani; katatakutan; o mahihiwagang salaysay]; at (3) antolohiya [mga seryeng nagpapalit ng kuwento't tauhan kada buwan o panahon].

Sa una maihahanay ang mga sumusunod: *Mga Kabataan ng Club 9,* na inilarawang "first full-length radio drama," at kuwento ng "nine individuals... who loved the game of handball and who have a fair amount of civic mindedness"[77]; *Dr. Ramon Selga,* isa pang tanyag na drama ni Flor hinggil sa bidang doktor na "antedated all other radio and television "medical series"[78]; *Tony Narra,* na sinasabi niyang "(f)irst detective-type Filipino radio program"[79]; *Irog, Paalam,* na isang romanse[80]; *Mercedes Cruz,* isang "Tagalog nightly drama"[81]; *Lagrimas,* isa namang "fifteen minuter"[82]; *Aking Pag-ibig,* isa pang "fifteen minuter"[83];

*Itinakwil,* isang "10:15 to 10:30 serial" na hinggil sa isang "unwanted boy who grew up to be a successful mogul in real estate," na naisapelikula kalaunan"[84]; *Eddie, Junior Detective,* isang "daily 15-minuter serial based on the U.S. radio adventure series Dick Tracy, Junior Detective"[85]; *Marco,* isang "Saturday night thriller," na nagdulot sa tagapakinig ng "roller-coaster fires of

76 Aniceto, 402.

77 Ibid.

78 Ibid., 405.

79 Ibid., 406.

80 Ibid.

81 Ibid., 407.

82 Ibid.

83 Ibid.

84 Ibid., 408.

85 Ibid.

suspense and light moments"[86]; *Dama de Noche*, umeyre ng 7:00 hanggang 7:30 ng gabi[87]; *Recuerdo*, sinasabing isang lingguhang "hit drama"[88]; *Digmaan ng Damdamin*, na kuwento ng isang lalaking "caught between two loves"[89]; at (14) *Imelda*, na inilarawang inspirado ng pagsikat ng naging unang ginang ng diktador noong kaniyang kasibulan.[90]

Sa ikalawa naman ang mga sumusunod: *Kapitan Kidlat*, isang "action drama" na lokal na bersiyon ng "then famous American series Captain Marvel" at nagtatanghal sa isang "rather passive serial character" na naghuhunos bílang isang «crime-busting» na bayani, sa bawat sigaw ng «Kidlat, ngayon!»[91]; *Tatlong Limbas*, na lokalisasyon ng *The Three Musketeers* ni Alexander Dumas at tulad ng Prinsipe Amante ay isang "European period-based serial"[92]; *Kapitan Bagwis*, na umeyre ng "6:15 to 6:30 pm" at isang "sea-borne adventure series patterned after Errol Flynn's swashbuckling film hits of the '30s and '40s"[93]; at (18) *Sepulturero sa Lumang Libingan*, na isa pang kilalang kuwentong katatakutan[94];

Sa ikatlo ang: *Oras ng Romansa*, isang "weekender (dramatization) in Tagalog of the world's classic love stories"[95]; *Camay Theatre on the Air*, na nagtanghal ng bersiyong panradyo ng mga pelikulang nakatakdang ipalabas sa takilya[96]; *Kasaysayang Panghapunan*, na handog tuwing Martes ng gabi at pinangunahan ng aktor na si Rogelio dela Rosa[97]; *Natatagong Bituin*, isang timpalak sa drama na nagtatanghal sa mga baguhang aktor[98]; at *Mga Lihim ng Puso*, na nagtampok sa nag-iiba-ibang "love stories every three months."[99]

---

86 Ibid.

87 Ibid.

88 Ibid.

89 Ibid., 409.

90 Ibid.

91 Ibid., 404.

92 Ibid., 405.

93 Ibid., 408.

94 Ibid., 409.

95 Ibid., 404.

96 Ibid., 406.

97 Ibid., 408-409.

98 Ibid., 409.

99 Ibid., 408-409.

Nakapagtatakang wala sa talâang Aniceto ang dalawa pang madalas na binabanggit sa mga paggunita hinggil sa *soap opera* sa radyo—ang *Ginang Hukom* ni Gloria Villaraza-Guzman at ang *Ang Inyong Lingkod, Gloria Romero*. Sa panayam na ating sinipi kanina, inilarawan ni Edroza-Matute ang una bílang kuwento ng "pangunahing karakter (na) isang hukom na babae,"[100] isang kakaibang konsepto sa patriyarkal at konserbatibong panahong iyon. Ang ikalawa, na pitak naman niya, ay ginunita sa ganitong paraan:

> Sinulat ko rin ang *Ang Inyong Lingkod, Gloria Romero* na batay sa mga salawikaing Pilipino. Halimbawa, "Kapag may isinuksok, may madudukot" at "Ang lahat ng kasalanan, may kaparusahan." Lingguhan ito. Parating si Gloria Romero ang artistang babae at ang mga lalaki ay iba-iba bawat linggo. Kapag masaya, si Dolphy at kapag hindi, si Juancho [Gutierrez].[101]

Para sa akin, pinakatampok sa mga ginunita ni Aniceto ang *Gulong ng Palad* ni Flor. Para kay S. Reyes (2005), sadyang hindi nahirapan si Flor sa pagsuong sa pagsulat ng mga soap opera sa radyo mula sa pagsulat-sulat ng mga kuwento sa Ingles at Tagalog. [102] Siya ay nasa "forefront of this (soap opera) revolution, the impact of which would be felt not only in the postwar years, but also until the present time."[103] Gaya nga ng nababatid, at itatanghal nang higit na mas malawakan sa susunod na kabanata, kuwento ang *Gulong* ng magsing-irog na nahaharangan ng kaibhan sa katayuan sa búhay, na pinaigting pa ng pagtataksil ng laláki at panghihimasok ng ina nitong lubhang aapihin ang babae. Sa ganito ibinuod ni S. Reyes ang nasabing serye:

> The faithful and good woman was Luisa who loved and was betrayed a number of times by the handsome and unfaithful husband, Carding. Around them, to provide space for more stories and episodes, are the scheming and cruel mother-in-law, the faithful friend, the nosy neighbor, the outlaw with the heart of gold, and a host of other characters. [104]

---

100 Enriquez, "Genoveva Edroza-Matute," 135.

101 Ibid., 135.

102 Soledad Reyes, "Tagalog as the Discourse of the Other: The Case of Lina Flor," *A Dark Tinge to the World: Selected Essays (1987-2005)* (Lungsod Quezon: University of the Philippines Press), 219.

103 Ibid, 219-220.

104 Ibid, 219.

Monumental ang *Gulong* sapagkat isa ito sa iilang serye mula sa panahon ng pagtatatag ng tradisyon at kumbensiyon na matagumpay na naisalin sa pelikula at telebisyon [at sa dalawang pagkakataon pa], at nananatiling muog at di malilimot, kung pag-uusapan ang kasaysayan ng *soap opera* sa bansa.

Nagsimula "a week or two after *Ilaw [ng Tahanan]* began [in 1949]," tumagal ang *Gulong* nang pitong taon, o mulang 1949 hanggang 1956, at sa ulat naman ni Exequiel Molina (1954) ay naging matagumpay dahil sa pagiging "honest copy of the Filipino family."[105] Bagaman sinasabing "(i)t has never quite depended on production and writing virtuosity,"[106] taglay ng *Gulong* ang mga itinatanging katangian ng isang mabuting *soap opera*, lalo sa panahong iyon:

> Its characters talk like ordinary folk. They react to situations in the manner the listener would think she would. That is a good soap opera's primary virtue: it must enable the listener to identify herself wholly with the people in it, and thus, sharing their triumphs and their tragedies, experience what Aristotle called the katharsis, however slight and sentimental the ancient Greek emotion has become.[107]

## Sipat sa Produksiyon

Naging mapanghamon ang produksiyon ng *soap opera* sa radyo sa simula ng agresibong pagpapalaganap dito mulang 1949. Una'y naging tagapagsulong ito ng mga *brand* na gawa ng mga kompanya ng mga domestikong produkto, tulad na lámang ng PMC, sa pangangalaga ng ahensiyang Philippine Advertising Associates (PAA).

Bílang isponsor ng programa, ang kompanya at ahensiya ang nagtatakda ng lalamanin ng drama. "Bago aprubahan ang storyline," kuwento pa ni Edroza-Matute, "dadaan ito sa mga sponsor."[108] Inamin niyang di

105 Exequiel Molina, "The Long, Unhappy Life of a Soap Opera," *This Week,* Agosto 1, 1954, 9.

106 Ibid.

107 Ibid.

108 Enriquez, "Genoveva Edroza-Matute", 137.

miminsang naging sanhi ito ng pagtatalo, lalo na noong dekada 50, na panay mga Americano ang executives sa kompanya at ahensiya. Kinailangan ng produksiyon ng ibayong pakikibagay upang maitawid ang kanilang programa.

Linikha upang maghayin ng kabaguhan sa madalas na nakauumay na "'block-time' shows, which were actually an alternating of one minute rondalla music and then around five minutes of irritating 'commercials,'" at ang "serials" o "radio drama" na tinatawag na may dalawang pangunahing uri—*daytime* at *evening*—at nagkakaiba sa bilís ng pagkakasalaysay, bukod sa oras ng pag-eeyre."[109]

Nagsimula ang mga ito na magkakasunod na inieeyre [at nakapakete batay sa blokeng nabili ng *advertiser*] at tumatakbo ng 15 minuto bawat episodyo.[110] Si Aniceto naman, may binabanggit pang "half-hour mini radio novels that ended each day and the hour-long theatre style presentations."[111]

Sa Maynila noon, sinasabing "there were 40 of these programs,"[112] na bahagi lámang ng "staggering total of all dramas in the entire archipelago, aired in various regional dialects." Dagdag pa ni Aniceto, bílang pagkokompara: "The United States' average period of drama favorites is twenty years while Manila's long-running ones could only last for eight."[113]

Sa ulat ng lathalaing *This Week*, na naglabas ng artikulong ipinagdiriwang ang isang taóng pamamayagpag ng mga serye sa radyo noong 1950, ganito ang dagdag na paglalarawan: «A serial usually employs a script-writer, a director, an announcer, a cast of between 8 to 10 members, and a staff of sound-effect men plus technicians.»[114]

Nagsisimula umano ang proseso ng produksiyon sa paghaharap ng *script writer* ng banghay o takbo ng kuwento ng linggo sa mga direktor at isponsor ng programa.[115] Kapag naaprobahan at natapos ang iskrip, pag-uusapan naman ang direksiyon at lapat ng musika at tunog; pinag-uusapan

109 "Local Soap Operas," *This Week*, Oktubre 29, 1950, 12.

110 Panayam ko kay Loida Flores-Viriña, Setyembre 5, 2017. Ganito rin ang makikitang ulat sa ed. Reyes, *Lina Flor*, xxvii.

111 Aniceto, 402.

112 Ibid.

113 Ibid.

114 "Local Soap Operas," 13.

115 Ibid.

din ang„signals“ o hudyat mula sa direktor upang hindi magkalituhan kapag umeeyre na.[116]

Dahil nga sa bago ang anyo, at papausbong pa lámang ang mga teknolohiya ng rekording, nagsimula ang serye na itinatanghal nang *live*.[117] Sa arawang pag-eeyre, kinakailangan ng mga nagsasatinig ng mga karakter ng isang oras para sa pagsasanay.[118] Kailangan ang mga pagsasanay na ito upang maiwasan ang sablay, lalo pa't kung minsan, nahuhúli rin ng mikropono ang pagkayamot ng direktor, "(w)hen players bungle their lines or miss their cues."[119]

Karamihan naman sa mga nagsasatinig sa mga tauhan ay mga "stage people, movie actors, (and) provincial travelling troupes" na nakapapasá sa mga *audition* ng PAA.[120] Ang badyet para sa isang episodyo ay sinasabing násа pagitan ng P120 hanggang P130 kada araw, at tumutustos sa "station time" [*blocktime* sa makabagong panahon] at kabayaran para sa mga kawani; pinakamalaking kumita ang mga direktor at manunulat, na kapwa karaniwang tumatanggap ng P20 kada *serial* na tumatakbo ng 15-minuto, samantalang ang mga nagsisiganap ay nababayaran ng P5 kada palabas.[121]

Hinggil dito, iniulat ni Edroza-Matute na "(m)aganda naman ang kita, kaya nagtiyaga kami;" nakatatanggap siya ng P25 kada iskrip.[122] Wika pa niya,

> Kung labinlimang minuto ang programa mo, pitong pahina lang iyon. Kung marunong ka pang magpaikot-ikot, mag-uusap-usap ang mga tauhan, hahaba nang hahaba, nakapitong pahina ka agad. Itataas mo ngayon ang interes, lalo kapag Biyernes, kasi kapag Sabado at Linggo, walang drama sa radyo. Lunes susundan iyon ng nakikinig kasi nakabitin. Bitin ka nang bitin. Halimbawa may nagtatagpong hindi magtagpo, halimbawa nakikiapid; may kakatok sa pinto—Biyernes iyon sino kaya? Sundan sa Lunes. Wala naman

116 Ibid.

117 Ibid.

118 Ibid.

119 Ibid., 14.

120 Ibid., 13.

121 Ibid., 13.

122 Enriquez, "Genoveva Edroza-Matute," 137.

> pala, utusan lang na may itatanong. Nasa sa iyo na iyon bílang manunulat.[123]

Maingat din ang mga direktor sa pagtatalaga ng mga nagsasatinig na ito sapagkat pinaniniwalaan nilang "the public… is quite alert to details; listeners, somehow manage to remember the voices of the players."[124] Sa pagpapanatili ng pagkamakatotohanan, ipinatupad ang ganitong kalakaran: "no player is utilized for two morning programs, although he may take part in an evening serial besides his morning stint."[125]

Madugo ring lagi ang bawat pag-eeyre, kung kayâ hindi pagtatakhan ang ganitong paggunita ng proseso:

> A typical studio where a serial is being broadcast is usually cluttered up with these devices ["contraptions being used by the sound-effect(s) department"]. There is a short ladder where footsteps ascending a stairway are simulated. Ordinary table knives are utilized for sword-fighting sequels by a sound-effect man who merely clashes these pieces of cutlery while he sits comfortably in a studio chair until the director signals him to stop.[126]

Dalawang mahalagang bagay ang mapupuna sa mga tinalakay. Una, batay sa iba-ibang ngalan at anyo ng soap opera sa radyo [soap opera, radio drama, serial, kahit pa radio play], natuklas ng lokal na praktika ang iba't ibang pamamaraan ng pagtatanghal [at paglalako na rin] nito. Maaari itong itanghal ng 15 minuto lámang, kalahating oras, o isang buong oras pa. Ikalawa, ang mga praktikang ito ay may kinalaman sa panahon—isang bagay na sa ganang akin ay hindi gaanong nasasaling ng mga naunang pagpapaliwanag hinggil sa anyo ng *soap opera*, kahit ng kay Allen.

Malaon nang inuunawa ang soap opera bílang *narrative text in service of an economic imperative*, at ito nga ang naging malinaw nang maipakilala ito sa mga Filipino; subalit hindi gaaanong tinutuklas ang isa pa nitong ubod, bukod sa banghay na nakapaloob sa nailalakong pagsasalaysay—ang temporal nitong katangian.

123 Ibid.

124 "Local Soap Operas," 13.

125 Ibid., 13.

126 Ibid., 15.

Sa pag-usbong at pag-unlad nito sa ating konteksto, ang soap opera, na narasyong naglilingkod sa isang katungkulang ekonomiko, ay makikitang naglaláyong tumagal, upang, sa bandáng hulí'y talagang matatap ang kita. Iyon ang pangunahing sukatán ng tagumpay nito: ang mapanatili ang tangkilik, ang atensiyon ng tagapakinig—at hindi maglalaon, nang manonood, hanggang sa tuluyan itong magwakas.

Makahulugan ang atensiyon dito sapagkat tumutukoy sa dalawang pakahulugan—ang literal na atensiyon ng tagapakinig, na maglalaan ng tiyaga at panahon para upuan ang drama sa radyo [o hayaan itong umalingawngaw sa mga kabahayan habang abalá sa trabaho], at ang piguratibong atensiyon, na tinutukoy naman ang matapat na pagtangkilik, sa drama, at maaari, sa produktong nailalako sa pamamagitan nito.

Maaari ring masabing bahagi ng pagpapanatili ng atensiyon ang mismong pagpapalawak sa materyal ng soap opera at pagsasalin dito patungo sa isa pang mapagkakakitahang midyum tulad ng pelikula at telebisyon. Ganyan ang makikita sa di iilang kaso, tulad ng sa kaso ng *Sebya, Mahal Kita*, na pinaghalawan ng *Edong Mapangarap* (195) at *My Little Kuwan* (1958).[127]

At habang naglalayon itong mapatagal ang atensiyon at tangkilik, inilalatag din ito sa panahong higit na tiyak ang potensiyal na kumita, sa panig ng *network* o estasyon na nag-eeyere nito, at sa *advertiser* na sumusuporta. Ang oras na itinatalaga ay lumilikha ng kagawian (behavior) na lumilinang at nagpapanatili sa atenisyon at tangkilik. *Daytime* o *primetime* ba ang pinag-uusapan? Bahala na ang namimilì. Sa hulí, ang diskurso ng *soap opera* sa ating ili—at maaari sa iba pang narating nito—ay mahihiwatingang talagang diskurso ng tungkuan o triangulasyon ng naratibo, kita, at panahon.

## Mga Usapin ng Pakikinig sa Soap Opera: Pagkamalaganap bílang Pangunahing Salik ng Kababaan

Masasabing ang pangmadlang abót ng *soap opera* sa radyo ang natural na nagtalaga rito sa pagiging mababang anyong pangkultura, dulot na rin ng mga sumusunod na salik na sa ganang akin ay kumakatawan din sa malaong diskursong marhinal ng ating bayan: (1) ang tangkilik dito ng nakararaming sinasabing nása mababang saray ng lipunan; (2) ang wikang

127 Enriquez, *Radyo*, 24.

gámit sa pag-aanyo nito; at (3) ang kababaihang madalas pinaglalaanan nito bílang paraan ng kanilang pag-aaliw sa gitna ng kaabalahan.

Madaling namana ang ganitong paghinuha sa *soap opera* mulang kulturang Americano—na sa panahon ng paglaganap ng de-seryeng drama ay pananatilihing "tagapagpasya" ng mga kultural na pagpapahalaga ng mga Filipino. Sa America, mahaba ang kasaysayan ng kaabaabang pinagdaanan nito, hanggang sa tuluyang nang maging malaganap ang pagtanggap dito bílang "serialized drool."[128]

Nagsimula man ang brodkasting sa Filipinas na kakaunti at yaong may káya lámang ang nakabibili't nagmamay-ari ng mga yunit, tuluyan naman itong lumaganap sa panahon ng binansagang "transistor revolution" ni Lent, sa pagitan ng 1958 at 59.[129]

*Transistor* ang naging sagot sa pagpapakalat ng radyo at ng mga ineeyre nito, lalo pa't noong mga panahong nabanggit, "many barrios in the Philippines do not have electricity," at "battery radios are prohibitively costly."[130] Halos isang buong dekada ang daraan at mula sa pagiging isang "relative novelty before the war," magiging isang "common household appliance ang radyo."[131]

Makikita ang halos walong ulit na paglobo ng pagmamay-ari ng radyo, mulang 1951, na nakapagtala lámang ng 79,000 yunit sa pangkabuuan, hanggang 1959, na nakapagtala naman ng 600,000 yunit, batay sa ulat ng Advertising and Marketing Association.[132] Sinusugan ito ng Robot Survey na nag-ulat noong 1962 na 26% o 1.5 milyong kabahayang Filipino ang may radyo.[133] Ang paglaganap na ito ang siya ring masasabing nagdala ng "pangmadlang kamalayan" sa radyo, na pinaniniwalaang kaibang-kaiba sa naunang "mataas" at pang-maykayang sensibilidad na mahahagip mula sa pagsisimula nito sa bansa.

Sa ulat ni Lent, binabanggit ng kinapanayam na alamat ng brodkasting na si Francisco Trinidad na bago ang paglaganap ng radyo,

128 Allen, "The Meaning(s) of Soap Opera," *Soap Operas,* 11.

129 Lent, "Philippine Radio," 37.

130 Ibid.

131 Mario Ampil, "Two Decades of Philippine Radio–A Brief Survey," sa *Philippine Mass Media: A Book of Readings,* ed. Clodualdo Del Mundo Jr. (Lungsod ng Maynila: Communications Foundation for Asia, 1986), 62.

132 Lent, "Philippine Radio," 47.

133 Ibid.

lalo bago noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sinisikap ng mga taga-radyo na pataasin ang sensibilidad ng tagapakinig sa pamamagitan ng mga programang "may kaledad," tulad halimbawa ng mga itinatanging musikang tinutugtog ng orkestra sa estudio at balitaan.

Kaakibat ng paglaganap ang malaking pagsasaalang-alang sa panlasa ng tagapakinig, na noong matapos ng giyera ay nagsimulang mahirati sa "ingay" ng radyo, mulang *rock and roll* hanggang iresponsableng komentaryo mula sa mga bombolerong walang kasanayan sa pagraradyo.

Binago ang kinilalang datihang "good broadcasting" ng sinasabing mentalidad na "bakya," na lalong naging litaw sa anyo ng soap opera. Inilarawan ang mga ito ni Lent na tuwirang tumutugon sa mga "wants and needs" ng mga tagapakinig, habang nagpapasabik sa pamamagitan ng mga kuwentong pagpupunyagi at pag-ibig.[134]

Kayâ dito man sa bansa noon, hindi na napaghiwalay ang usapin ng uri sa anyong mapang-aliw ng *soap opera*, lalo pa't bandáng 1956, lilitaw ang isang ulat na mayroong "high radio ownership rate in socio-economic classes "C" and "D," which are middle to lower middle classes."[135] Nadala ng portabilidad kung gayon ang demokratisasyon. Sa ulat ding nabanggit, sinasabing may radyo din naman ang mga mula sa úring "A" at "B," subalit "they are used by housemaids."[136]

"The family in such cases," dagdag pa ng ulat, "prefer to view television."[137] Sa tingin ko, sa ganito rin naman nagsimula ang telebisyon, at naituring na lámang na mababang plataporma ng talastasan magmula nang naging laksâ. Sa pagrurok ng tangkilik sa radyo dahil sa paglaganap nito, hanggang sa masasabing pagkukrus ng landas nito at ng bagong teknolohiya ng telebisyon, malinaw ang pook ng soap opera sa kamalayan: isa itong anyo para sa marami, para sa mababang uri, para sa úring bakya na iniisip na likás na mahihiligin sa mga sinasabing nguyngoy at romanseng tipikal din sa pelikula, na isa pang kulturang popular noon.

Unang ginamit noong bandáng 1937 ng Pambansang Alagad ng Sining para sa Pelikula at Dula na si Lamberto Avellana ang praseng "bakya crowd" upang tukuyin ang aniya'y malawak na mamamayang nagtatakda

134 Ibid., 48.

135 Ibid.

136 Ibid.

137 Ibid.

ng mga panooríng patok sa takilya.[138] Dahil sa kaniyang pagkasiphayo sa malamig na pagtanggap sa kaniyang pelikulang *Sakay,* na pinuri ng mga kritiko noong taóng iyon, inuri ni Avellana ang mga mamamayang ito batay sa kanilang gámit na panyapak sa tuwing pumapasok sa sinehan.[139] Aniya, hinggil sa mga uri ng pelikulang ibig ng mga manonood na bakya,

> They wanted stories about illegitimate children, forsaken wives, abused women, moribund fathers, poor girls and rich boys, rich girls and poor boys, stories where the leading lady alternates between singing duets and figuring off the mortgage.[140]

Iyakang walang katapusan, kumbaga, na hahalilihan di maglalaon ng mga palabas na bakbakan at inspirado ng mga pelikulang *cowboy* mulang Hollywood.[141]

Magiging malaganap sa mga palaisip ang ganitong pananaw sa bakya, bagaman higit itong magiging gamitín sa mga susunod na panahon, lalo pa›t lalago rin ang popular na palathalaan matapos ang digmaan. Matatandaang sa mga palathalaang nabanggit unang mahahasa ang mga napangalanang manunulat na nagtindig ng dramang de-serye sa radyo sa loob ng panahong ito. Nanggagalaiti ang makata, kritiko, at historyador na si Teodoro Agoncillo (1964) sa mga palathalaan, na aniya›y madalas, «may tiyák na layuning «umalíw sa tahanan,» o «umalíw at magíng babasahín ng mga batang nagsisipag-aral.»[142]

Aliw ang pangunahing layon ng mga babasahíng ito, na inihalintulad pa nga niya sa isang «kagubatang kinagiliwán ng pánitikáng Tagalog,» na kailangang hawanin ang sukal. Ang mga ito›y «nakikiisáng hanay sa mga babasahíng nakikipagngitián sa mga babaing palengke,» at kung magsisikap

---

138 Jose Lacaba, "Notes on Bakya: Being an Apologia of Sorts for Filipino Masscult," sa *Rediscovery: Essays on Philippine Life and Culture,* eds. Cynthia Nogales-Lumbera at Teresita Maceda (Lungsod Quezon: Department of English, Ateneo de Manila University, 1977), 212.

139 Lamberto Avellana, "The Cinema in the Philippines," *Unitas* (Setyembre 1963): 382-383.

140 Ibid., 383.

141 Ibid., 384.

142 Teodoro Agoncillo, ""Kami: Ang Maikling Kuwentong Tagalog, Pasulyap na Tingin sa mga Tao at Kilusan," *Ang Maikling Kuwentong Tagalog 1886-1948* (Maynila: Inang Wika Publishing, 1954), 44.

mang maging iba ay "nagka(ka)roon ng mabuwáy na pagtatangkang magíng mabutí-butí kaysa sa una."[143] Masdan, halimbawa, ang pakasaysayang pagsusuring ito ni Agoncillo sa lagay ng maikling kuwentong Tagalog matapos ng digmaan, at sa panahong lumalaganap na rin ang soap opera, sa maituturing na buong "kabakyaan" nito, hindi pa man niya ginagamit ang bansag:

> Ngayón, ang lahát nang babasahín ay búong ingay na nagtitimpalakan sa paramihan ng masasamáng akdâ at sa dami ng mga kómika—mga akdang hindî masinagan ng kahi't gahanip na katunayan sa buhay, ng tunay na kakayahán ng mga mánunulát, ng matayog na kaisipán, at ng matinding damdamin. Higít sa lahát nang panahón, ang kasalukuyan (1948) ay siyáng tunay na waláng pag-asa kung sa urì ng kathâ hahatakin ang pag-uusap. Ang pagdami, samakatuwid, ng mga babasahín sa kasalukuyan ay nakasamâ pa ngâ sa pagpapaunlad ng pánitikáng Tagalog, bagaman nakabubuti, sa isáng dako, sa pagpapalaganap ng sariling wikà.[144]

Pagtungtong ng dekada 60, ani Jose Lacaba (1977), mauunawaan na ang "bakya" bílang "description of a style or sensibility" na "cheap, gauche, naive, provincial, and terribly popular; and in this sense it is used more as an adjective than as a noun,"[145] at upang tumukoy na rin sa lahat ng mga anyo ng kulturang popular, mulang komiks, at siyempre, soap opera. Kamalayang lalaganap ang kabakyaan at ituturing nitong mababa ang panlasa ng mga partikular na tagasunod ng tekstong popular.

Sa kaso ng soap opera, kasámang maipipiit sa ganitong pagkakahon ang mga kasambahay na kadalasan din ay babae't tumutulong sa mga gawaing bahay. Kayâ hindi pagtatakhan ang mga komentaryong ganito sa panahong mabulas ang dramang panradyo, at papausbong na rin ang *soap opera* sa telebisyon: "Tulad ng dinuguan at puto o mangga at suman kaya, ang drama sa radyo at ang katulong at atsay ay madalas pinagsasama."[146]

Ito ang palagay ni Richie Valencia (1979), sa isa niyang lathalaing sumisinop sa kaniyang pag-aaral hinggil sa pagtangkilik sa mga dramang

143 Ibid.

144 Ibid., 45-46.

145 Lacaba, "Notes on Bakya," 212.

146 Richie Valencia, "O Diyos ko, Maghunusdili Ka." *Diliman Review* (Oktubre-Nobyembre. 1979), 64.

de-serye sa radyo ng mga kasambahay sa isang subdibisyon sa Lungsod Marikina. Bagahe ng kaniyang pagtuklas ang pagtuturing sa *soap opera* bílang "pinakamabilis, pinakamadali, at pinakamalapit na susi ng pagtakas" sa "bilangguang walang rehas ng 'chimay.'"[147]

At bakit nga ba hindi? Bukod sa kinikilala noong mga panahong iyon ang radyo bílang "pinakamaraming tagapakinig kaysa alinmang uri ng palatuntunan,"[148] talagang higit na napakamurang makinig sa radyo noon kaysa manood ng sine o telebisyon. "Sa halagang tatlong piso o halagang tatlo o apat na baterya ay maraming araw (nang) malilibang," wika pa ni Vitug (1975). Dagdag pa niya, "(m)atuturol din na kinalulugdan ang dulang panradyo dahil maaari itong subaysayan kahit may ibang ginagawa ang nakikinig," tulad ng mga kasambahay sa maghapong trabaho.[149]

## Ang Wika ng *Soap Opera*

Maaari ring maiugnay sa ganitong kababaang-tingin ang wikang gamitín ng malaganap na plataporma ng radyo: ang Tagalog at iba pang pambansang wika na lumalaging naisasantabi't nása laylayan ng hegemoniko at kolonyal na Ingles. Sa kasaysayan ng de-seryeng drama, ipinagpapalagay kong pinakamahalagang sangkap sa pagkakadestiyero ng anyo sa lubhang kababaan ang pihit patungo sa bernakularisasyon.

Isang pangangailangan ang gamítin ng radyo ang wikang sinasalita sa lupalop na kinabibilangan nito, bagaman, wika ng ani S. Reyes (2005), sa panahon ng mga Americano, "texts written in the native language were gradually being marginalized—banished from school, supplanted in popular culture, ignored in politics, judiciary, the law, among others." [150] Tinutugon ng radyo, pati na ng telebisyon, ang pangangailangang maipaabot sa nakararami ang pinakamahahalagang impormasyon. At bernakularisasyon nga ang naging tugon, lalo nang magsimulang magpalawak ang brodkasting sa Maynila at mangagsulputan ang mga estasyon ng radyo sa labas ng pangunahing sentro.

Bago magkagiyera at sa mga unang bahagi ng pagtatapos nito, tinatayang 90% ng mga programa sa radyo ay pawang nása Ingles, sa kabila

147 Ibid., 65.

148 Vitug, "Pabrika," 15.

149 Ibid.

150 Reyes, "Tagalog as the Discourse," 221.

ng pamamayagpag ng di iilang programang panradyo tulad ng *situational comedy* na *Kami Naman, Kuwentong Kutsero*, at *Kuwentong Kapitbahay*.[151]

Mag-iiba ang kalakaran sa kalagitnaan ng dekada 50,[152] bagay na iniisip kong kaugnay, hindi lámang ng lumalaking halaga ng pangmadlang midya sa bigkis-pambansa na humihingi ng pagkakaroon ng isang wika gamitín, kundi pati na rin ng lumalawak na abót nito, bagaman ang mismong mga kulturang labas sa sentro ay lumalaban sa lumitaw na hegemonya ng Tagalog.

Sa kasawiampalad, hinding-hindi masasawata ang kaisipang hubog ng 300 taon sa kumbento at 50 taon sa Hollywood, na tumitingin sa mga kulturang nása mga wika ng Filipinas bílang para lámang sa laksang pawang nakapook sa laylayan. Malaon nang pinagdudahan ang kalinangan ng laksa, lalo pa't bandáng kalagitnaan ng 1960, tinatayang 70.8% na ng kabahayan sa Filipinas ang may radyo.[153]

Hindi rin nakatulong, sa ganang akin, ang unti-unting pagdami ng telebisyon na noong 1955 ay tinaya ng United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization (UNESCO) Statistical Yearbook na nása 6,000, o isang telebisyon kada populasyon ng 2000.[154] Samantalang kakaunti nga ito, ang telebisyon ay hindi lámang naman para sa nagmamay-ari, kundi, wika nga, para sa lahat sapagkat "(t)he doors and windows were open to the neighbors."[155]

Kasangkot din ang wika sa lahat ng mga pagbibilang na ito, sapagkat likás na magsukat hinggil sa pangmadlang komunikasyon batay sa kung ilan ang gumagamit ng wika. Malaon nang isinulong ang wika ng lokalidad, hanggang sa humantong na nga sa pagpapasya hinggil sa paglikha ng wikang pambansa sa pagitan ng 1934 at 1935, na maagang panahon ng pagsikhay ng radyo sa bansa.

Malinaw na ang pagiging pangmadla ng Tagalog, halimbawa na, sa ulat noong 1937 na *The Language Problem in the Philippines* ni Trinidad Rojo,[156] ay maisasalin sa mga anyong inaasahang aabot sa madla, tulad ng

151 Vitug, "Pabrika," 43-44.

152 Ibid.

153 Ampil, "Two Decades," 63.

154 Ibid., 70.

155 Ibid.

156 Virgilio Almario, *Madalas Itanong Hinggil sa Wikang Pambansa* (Lungsod ng

mga soap opera, na bandáng 1964 ay sumasakop na sa halos apat na oras ng kabuuang 12 oras ng brodkasting, ayon sa nga isang pagsusuri.[157] Sa ilang kaso sa mga probinsiya, umaabot pa sa 15 ang mga seryeng ineeyre, bagay na nagpapapangunahin dito bílang produkto.[158]

Kung kuwentahan ang usapin, hindi maitatangging noon pa man, *soap opera* na ang bumubuhay sa brodkasting, hindi lámang dahil sa pagwiwika nito sa mga pagpapahalaga ng madla at kanilang pagkahumaling sa mga imahen, halimbawa, ng nagdurusang ina, iniwang mahal, at walang-pusong irog, kundi lalo na dahil iniestruktura ito sa wikang malaganap, na kakambal nito sa pagkakatalaga sa marhen ng kultura.

Sa kabila nito, itinuturing ni Enriquez (2018) ang "radio drama" o soap opera bílang "central tool" ng pagpapalusog ng pambansang wika. [159] Kasangkapan ito sa pagpapakalat ng Tagalog, na siya ring sinasabi niyang "most significant appropriation of the medium," at naging garantiya pa nga ng mga advertiser na tatangkilikin ing kanilang produkto. [160] Sa mga hulíng bahagi ng 1940, 90% ng mga tagapakinig, "presumably mostly located in the capital and the nearby Tagalog provinces," ay nakikipagtalastasan sa Tagalog. [161] Habang tuluyang hinalilihan ng "electronic storyteller" na drama sa radio ang "traditional storytellers," sinimulan din nito ang pagpapahusay sa paggamit sa wika ng mga brodkaster, "with some taking pains to follow the rules prescribed by Tagalog literary writer and grammarian Lope K. Santos."[162]

## Ang Babae't Maybahay bílang Pangunahing Merkado ng *Soap Opera*

Samantala, gaya ng nabanggit, bahagi rin ng pagsasalaylayan ng soap opera ang paghinuhang ito'y isang produktong nakalaan lámang talaga para sa mga kababaihang lumalagi't nagpapanatili ng kaayusan sa tahanan. Naging

Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2014) 34.

157 Lent, "Philippine Radio," 48.

158 Ibid., 48.

159 Enriquez, "The Emergence of Philippine Radio," *Appropriation*, 178.

160 Ibid.

161 Ibid.

162 Enriquez, "The Emergence," 178.

totoo ito sa ating konteksto, lalo noong panahon ng pagsikat nito matapos ang digmaan, at habang unti-unting naipapakilala rin sa mga Filipino ang telebisyon.

Sa isang ulat, halimbawa, sinasabing ang "daytime serial," lalo na, ay nakalaang "mainly to women, especially to housewives," dahil ito'y "slower in pace and festooned with love entanglements."[163] Halos hindi na nga ito pinoproblematisa sa mahabang panahon, bagay na nag-udyok sa ilang kritiko na igiit na patriyarkal na kultura ang nagtatalaga rito bílang anyong pangkababaihan—isang dobleng pang-aapi, sa babae't maybahay, at sa anyong popular na ito.

Ganito ang makikita sa isang paglalarawan ni Arceo (1954) mismo sa penomeno ng dramang de-serye sa radyo:

> Sa isang karaniwang maybahay na walang unang inaalagata kundi ang sundan ang pangangailangan ng kanyang mga kaanak at tugunan ang mga pangangailangang ito, ang buhay ay maminsan-minsang nagiging kabagot-bagot. Sa mga dulang ito'y karaniwang nakikita nila ang kanilang sarili na siyang pangunang tauhan sa kasaysayan: isang mapagmahal na kabiyak at ulirang ina, mabait na kapitbahay, maunawaing manugang o mapagbigay na hipag."[164]

Sinasang-ayunan ni Edroza-Matute ang ganitong palagay, habang ibinabahagi ang milyu ng kaniyang pagkakasangkot sa radyo:

> Noong panahon namin, karaniwan(g) mga maybahay [ang nakikinig] lalo na sa mga tinatawag na soap opera. Ang mga maybahay, labas-masok sa kusina, naglalaba, nagluluto, nakikinig at nagkakaroon ng pag-asa dahil sa karanasan ng mga karakter sa soap opera. Halimbawa, sa sinulat ni Lina Flor-Trinidad na *Gulong ng Palad*, inaapi ng biyenan yung manugang; maaaring iniisip ng tagapakinig: «Ako rin, ganiyon, siguro magiging maligaya rin ako sa wakas." Bihirang magbasa ng kuwento ang mga karaniwang maybahay dahil lagi silang nagtatrabaho, kaya nakikinig na lang sila. Ang mga karanasan sa radyo, iyon ang nagiging karanasan nila. Kaya

---

163 Ibid., 12.

164 Liwayway Arceo, "Soap Opera: Libangan ng mga Maybahay," *Diwang Pilipino,* Nobyembre 1954, 9.

> ang soap opera, talagang ibinabagay sa karaniwang maybahay. Hindi masyadong matatayog, kaunti lang ang mga metaphor. Maririnig sa umaga ang mga drama at inuulit sa hapon para muling pakinggan ng mga tagapakinig.[165]

Makikitang kaisa ng mga ganitong paglalarawan ang pagpapalagay na inilatag ng direktor at guro ng komunikasyon na si J. J. Reyes (1979) sa isa niyang sanaysay hinggil sa *soap opera* sa radyo sa Filipinas, isa sa masasabi kong una, bagaman maikling pagsisinop hinggil sa paksa. Wika niya,

> The Pilipino soap opera was originally patterned after American models...These shows were specially planned to appeal particularly to women by servicing the psychological needs of the homebound and domesticated and spicing up the trivia of routine.[166]

Sinusugan ni J.J. Reyes ang ganitong pagpapaunawa sa pamamagitan ng matalik na pagbása sa higit 60 iskrip ng mga *soap opera* mula sa estasyong DZRH, na natagpuan niyang pawang mapagtalaga sa mga kasarian ["sexual roles" pa ang ginagamit niyang termino sa bandáng ito], bílang pagkatawan sa tinawag niyang "mass fantasies" na sumasalamin sa "psyches and tastes" ng mga tagapakinig, "showing not only what is attractive to them, but also how the material derives from, reinforces, or redirects existing values and traditions."[167]

Feminista ang pagbása ni J.J. Reyes sa mga serye, bagay na makikita sa kaniyang pagpapaalaala na "(i)t is our [ng mga guro, kritiko, o intelektwal] duty to understand that the radio soap opera, a pop entertainment form, is perpetuating a mental set causing thousands of minds to undergo cultural re-indoctrination." [168]

Ito ay matapos na suriin ang sinasabi niyang apat na tradisyonal na papel na ginagampanan ng kababaihan sa mga *soap opera*—(1) ang ina/asawa; (2) anak; (3) kapatid/kamag-anak; (4) at kaibigan—mga papel na nakapaloob sa pagtatanghal sa babae bílang "incarnations of goodness and

165 Enriquez, "Genoveva Edroza-Matute," 134.

166 Jose Javier Reyes, "Radio Soap Opera," sa *Philippine Mass Media*, 227.

167 Ibid., 228.

168 Ibid., 235.

suffering."[169] Mga estereotipo itong nangungusap sa kababaihang Filipino na bagaman nakasusumpong ng bagong aliwan ay inilulubog pa rin sa tradisyonal at patriyarkal na pagkamalay.

Ngunit si J.J. Reyes na rin ang magsasabing sa lubhang pagkamalaganap nito, hindi na lámang talaga naging para sa mga kababaiha't maybahay ang *soap opera* sa radyo. Nangungusap na rin ito sa kalalakihan habang sila ay kasing-abalá ng kababaihan sa araw-araw. Aniya,

> In the Philippines, however, men also listen to the shows as do families. In fact, listening to the radio can be a familial pursuit that seals the social unit that irreversibly changed
> Philippine cultural landscapes."[170]

Samantalang pinatutunayan ng kaniyang pag-aaral ang "female dominance" sa mga serye, mahirap sabihing nagpatuloy sa larang na ito ang malaong ipinamumulat na "ekslusibong" pagtanggap ng kababaihan dito [masdan na lámang halimbawa na isang lalaki, ang kritikong si Allen, ang makapagsasagawa ng mahalagang pagkakasaysayan ng pag-usbong ng soap opera sa America; ikinumpisal niya sa panimula ng kaniyang herminal na akda ang sariling pagkahumaling ("on-again/off-again fascination" ang ibinansag niya rito) sa mga de-seryeng drama ng kaniyang kabataan[171]].

Kayâ hindi pagtatakhan ang paglitaw ng mga gunitang panradyo na tulad ng minsang isinulat ng Pambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan Cirilo Bautista (2009) sa kaniyang tanyag na kolum sa *Manila Bulletin*. Wika niya, "(u)nknown to me then, the radio was educating my young imagination"; itinuring niya rin itong isang angkat na teknolohiyang bumago nang "irreversibly" sa "Philippine cultural landscapes."[172] Pinatutunayan ni Bautista ang kalawakan ng pagtangkilik sa radyo sa pangkabuuan:

> In our humble house in Balic-Balic, Sampaloc, it was the centerpiece of communal living... It was clock, newspaper, and entertainment all at the same time to millions of Filipinos then struggling for a better

169 Ibid.

170 Javier Reyes, "Radio Soap Opera," 227.

171 Allen, "Acknowledgements," *Speaking of Soap Operas*.

172 Cirilo Bautista, "Radio Boy," Cirilo *Bautista.blogspot.com*, Oktubre 13, 2009, http://cirilobautista.blogspot.com/2009/10/radio-boy.html.

life after the Second World War. We told time by the soap opera in progress, got the latest political updates from the newscasters, and sat infront of it in rows of benches while listening with our neighbors to our favorite contestants in a singing competition. In our community, it was also an arbiter of sort. An argument was settled when one said, "I heard it over the radio."[173]

Nagsusulat sa kolum na ito si Bautista hindi lámang bílang manunulat na nagbabalik-tanaw sa kaniyang nakaraan kundi isang "radio boy" rin, isang supling ng radyo mulang dekada 40 hanggang 50, na hinubog ang haraya ng tinagurian niyang "clever contraption" na mistulang tagapagpatag ng kaibhan ng mamamayan.[174]

Ngunit manunulat nga siya, at may natatanging pitak sa kaniya ang mga soap opera na sadyang itinatalaga ng tradisyon at kombensiyon na pinakikinggan lámang ng kababaihan. Para sa kaniya, isang kompleks ng edukasyon sa pagpapakatao ang dulot ng mga soap opera, na nagtuturo, halimbawa, ng "existence of passion and charity."[175]

Sa gunitang ito, itinangi ni Bautista ang mga seryeng *Siete Infantes de Lara* at muli, ang *Gulong ng Palad,* na aniya'y kapwa nagpamulat sa kaniya hinggil sa "behavior code which I would follow in my later years, focusing on the need for moral uprightness and self-enterprise."[176] Hindi ko mapigil na iugnay sa mga ito ang naging epikal na haraya ni Bautista, na lumikha kalaunan ng mga dakilang obrang bubuo sa *Trilogy of Saint Lazarus,* ang tatlong bahaging epikong monumento ng modernong panulaang Ingles sa Filipinas.

Samantala, habang inaalaala ng pambansang alagad ng sining ang mga sumusunod hinggil sa naging ambag ng mga serye sa kaniyang panulaan, halimbawa, hindi ko rin maiwasang iugnay ang mga ito sa mismong katangian ng pagpapasabik na nása ubod ng anyo ng *soap opera*, tulad ng *Ang Gabi ng Lagim,* na dramang katatakutang tinutukoy niya sa pagpapaliwanag: "That feel of excitement on the part of the listeners or readers when they anticipate the inevitable outcome of a crisis—that is something you have to work for,

173 Ibid.

174 Ibid.

175 Ibid.

176 Ibid.

something nobody gives you, and you learn it by the strictest application of narrative rules."[177] Dagdag pa niya:

> To our family then, radio and literature were one... Words were sounds I had to reconcile with speech morphology before they became written codes. This training was eventually to be beneficial to my writing verse, for it connected me subliminally to the tradition of oral literature, making me grasp the concepts of language rhythms, especially in reference to opposition and unity, caesura and closure.[178]

Malinaw na magkakaiba ang punto de bista ng pagtanggap na ating pinagtatalab, at makikita ring pipi ang sa panig ng kababaihan na nakabatay lámang sa nakamihasnang pananaw hinggil sa kung sino ang nakikinig sa soap opera. Sa kabila nito, tinatawid ng hulíng gunita ang mga naging unang pagtatataya sa pakikinig, lalo pa sa pagtanggap ng soap opera.

Sa kaso ng laláking makata na tubong Balic-balic, Sampaloc, Maynila, isang urbanisadong lunan noong mga panahong iyon, makikitang hindi lámang naging pambabae ang soap opera. Higit na mamamalas ang ganitong pagtawid sa mga kasarian sa higit na makabagong panahon na may pagkamalay sa *niche programming* at pagtugon sa espesipikong merkado tulad ng kikilalanin sa ating panahon na "merkadong pangkalalakihan" na may sariling kahingiang pasalaysay kung mga serye ang pag-uusapan.

Isang mahalagang kislap-diwa sa pagtalakay ng usapin ng kasarian ang penomeno na lulong din ang mga kalalakihan sa mga dramang de-serye. Sa Filipinas, hindi lámang ito masasabing isang anyong pang-aliw na pumukaw lámang ng tangkilik ng isang pangkat-kasarian tulad ng mithing ipabatid ng mga nakamihasnang pagpapaliwanag hinggil sa tagapakinig/manonood ng soap opera. Ito'y isang panlipunang anyo, isang anyong pasalaysay at patanghal na kinagigiliwan ng lahat, gaya ng mga naunang pagkagiliw. Isa itong tagpuan ng mamamayan mulang iba't ibang saray ng lipunan.

Samantalang kasámang inangkat ang pinakaubod ng konsepto ng *soap opera*, nag-ugat ito sa Filipinong kamalayan na sanay makibahagi at sumubaybay sa mga pagtatanghal at pagsasalaysay.

177 Ibid.

178 Ibid.

Naitirik ang soap opera sa lupaing ito't naisalin hindi lámang bílang isang bagong pangmadlang dramatikong anyong higit na abót ang mamamayang walang akses sa mga "nakapagpapataas"/"mapagmataas" na uri ng pagtatanghal [tulad halimbawa ng mataas na *opera*, na sinasabing mistulang ginagagad nito batay sa konseptwal na kasaysayan nito sa America[179]] kundi bílang panibagong anyo ng pag-aaliw para sa lahat.

## Pag-uugat sa Tradisyong Pampanitikan ng Soap Opera

Masasabi ring sa pag-aanyo nito sa kontekstong Filipino at paglilingkod sa layong kumita sa pamamagitan ng tangkilik, sumalok ang soap opera sa mga tradisyong pampanitikang nakatimo sa kamalayan ng mamamayan. Inuulat na ni S. Reyes (2005) na noong dekada 50, "numerous stories... upon close examination, reverberated with what readers had earlier read in magazines and komiks," lalo pa't "(a)ll aspects of popular culture... constituted a giant chain of artefacts, a huge and complicated series of signifiers that have constructed the complex world of millions of readers/ fans." [180]

Sinususugan ito ng nabanggit ko nang pagkakasangkot ng mga nangungunang kuwentista sa pagpapakilala sa soap opera sa madla. Lahat sila, sa mga panahong iyon, ay arál at mulát sa tradisyong pasalaysay. Ngunit hindi lámang sa mga nakalimbag na panitikang pasalaysay sumuso ang soap opera, yaong "(o)ten dismissed as "lightweight" entertainment without enduring qualities." [181] Sumagap din ito ng anyo at impluwensiya mula sa tradisyong patanghal, at ang nalikha nga'y isang "popular kitsch that captured the imagination of countless Filipinos." [182]

Sa bahaging ito, pinagbabatayan ko ang naunang pagtatala ng mga sumikat na soap opera sa radyo upang matuklas ang mga pagbabalon nito sa anyong patanghal at anyong pasalaysay na malaon nang umiiral sa atin. Sa pamamagitan nito ko iginigiit hindi lámang ang matalik na ugnayan ng soap opera sa radyo at ng panitikan, kundi lalo't higit ang pagiging panitikan na nga nito, dulot ng pagsasaalang-alang sa ubod nito't katangiang hubog

179 Nicanor Tiongson, *Kasaysayan ng Komedya sa Pilipinas: 1766-1982* (Lungsod ng Maynila: De La Salle University Integrated Research Center, 1982) 142.

180 Reyes, "Tagalog as the Discourse," 220.

181 Ibid.

182 Ibid.

at kaloob ng panitikan. Hindi ito ganap at wakas na proyekto, at maaari pang palawigin sa mga susunod na pag-aaral. Panimulang paghahawan ito na makikitang kaugnay ng sumunod na mga yugto ng pag-unlad ng anyo sa telebisyon.

## Ang Balon ng mga Anyong Patanghal

Tatlong pangunahing anyong patanghal ang nakikita kong masikhay na nakatagpo ng soap opera sa proseso ng lokalisasyon nito sa gunita at kamalayan ng tagapakinig—ang komedya, na kilalá rin bílang moro-moro, at nag-uugat sa angkat ding *comedia*; ang mga relihiyosong drama; at ang sarswela, na supling naman ng *zarzuela*.

Malaong umiral ang mga anyong ito sa bansa, at nang magsimulang ipakilala ang soap opera ay tinatangkilik pa rin ng masa [sa katunayan, sa pagiging malaganap nito sa mga kanayunan at sa nibel na pangkomunidad, tatawagin ni Nicanor Tiongson ang komedya bílang "*de facto*" na pambansang dula[183]].

Nasapol ng mamamayan sa bagong anyong nabanggit ang mga katangiang patanghal na unang natunghayan sa tatlong anyo. Sa gitna ng tagpuang ito ng mga naunang anyong patanghal at ng *soap opera* ay ang ubod o pangunahing katangian ng hulí, na sa tingin ko'y naulinigan bílang pamilyar ng mga tagapakinig—ang melodrama, na sa kritikal na kasaysayan ay matagal nang iniwan sa minulan nitong siglo 19 at itinalaga sa kababaan, tulad din ng *soap opera*.[184]

Sinusuhayan ang ganitong paghahaka ng minsang paliwanag ni Edilberto Alegre (1995). Wika niya, totoo nga, "Pinoy drama is melodrama" sapagkat "(o)ur penchant for the comic and the sentimental finds expression in melodrama."[185] Aniya, "(for Filipinos t)he other side of comedy is not tragedy but rather melodrama."[186] Pinalawig niya pa ang pananaw na ito sa

183 Doreen Fernández, "Tradition and Revitalization in the Komedya," *Palabas: Essays on Philippine Theater History* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1996), 63.

184 Christine Gledhill, "Speculations on the relationship between soap opera and melodrama," *Quarterly Review of Film and Video* 14, blg. 1-2 (1992): 105.

185 Edilberto Alegre, "Pinoy drama is melodrama," *Business World,* Enero 25, 1995, 25.

186 Ibid.

pamamagitan ng mga kongkretong halimbawa batay sa madalas makita sa mga pelikulang Filipino na kapatid na sining din naman ng soap opera:

> *Ma-drama* [na mahihiwatigang isa pa niyang pang-uri para sa melodrama] connotes a show of one's feelings, especially through one's actions. It has an air of another reality—the actions (shouting, wailing, *pagdadabog*—all in the extreme or close to it) can be affected or seemingly put on, but the emotion that engenders it has no falsity. The emotions that one wishes to express via these actions are true, honest, sincere. The dramatization of these feelings can be maudlin, but that does not take away the truth of those emotions. Since we are prone to showing our feelings (as against reining them in, in quiet and silence) we Pinoys are performers *au natural*.[187]

Sadyang mailap ang tiyakang pagpapaliwanag sa konsepto ng melodrama, at wala pang nagiging kasunduan sa pinakaubod nito; subalit sa kaniyang aklat, inilarawan ni Ben Singer (2001) ang nakikita niyang limang "cluster ideas" na aniya'y makatutulong sa pag-unawa sa melodrama bílang terminong "whose meaning varies from case to case in relation to different configurations of a range of basic features or constitutive factors."[188]

Ang mga sumusunod ang sinasabing tangka sa pagpapakahulugan sa "constitutive elements" ng madalas ay "ambiguous" na melodrama: "(1) strong pathos; (2) heightened emotionality; (3) moral polarization; (4) nonclassical narrative mechanics; and (5) spectacular effects."[189]

Sa una, ipinamamalas ang pathos o lunos na kalagayan o sákit ng tauhan na nakapupukaw ng klasikong awa sapagkat ito'y nakapagpapaluha't nakadadalá; sa ikalawa, na kaugnay ng una, ang rubdob ng itinatanghal na emosyon at tensiyon, lalo, halimbawa sa soap opera, na nagsasalaysay hinggil sa mga nakamihasnang temang "jealousy, compassion, envy, greed, spitefulness, lust, etc." sa isang "melodramatic register of overwrought feeling"; sa ikatlo, ang makitid na "moral dichotomy" na pook-tagisan ng lantay na mabuti at lubhang masama, sa paraang itinatangi ang isang "utopian moral clarity" at kinaligaligan ang "moral disarray"; sa ikaapat, ang maláy o di maláy

187 Ibid.

188 Ben Singer, "Meanings of Melodrama," *Melodrama and Modernity* (New York: Columbia University Press, 2001), 44.

189 Ibid., "Introduction," *Melodrama*, 7.

na pag-iwas sa lohikong balangkas ng banghay, na nagpapairal sa kuwento ng

> outrageous coincidence, implausibility, convoluted plotting, deus ex machina resolutions, and episodic strings of action that stuff too many events together to be able to be kept in line by a cause-and-effect chain of narrative progression;

at sa ikalima naman, ang paggigiit sa mga ispektakulong sensasyonal o nakabibigla, tulad ng lubhang karahasan, aksiyon, mga makapigil-hiningang pangyayari, o mga natatangi't kamangha-manghang epekto tulad ng kagulat-gulat at poetikong katarungan lalo para sa pigura ng kasamaan.[190]

Bumagting ang "constitutive elements" na ito ng melodrama ng soap opera, lalo't kung babakasin ang mga pangunahing katangian ng tatlong nabanggit na anyong patanghal bílang mga palabas.

Batayan ko sa maikling pagsusuring ito ang pagkakasaysayan sa teatro ni Fernández (1996). Sa komedya o moro-moro halimbawa, ang mabuti at masama ay malinaw na itinatalaga sa tagisang Kristiyano at Moro, na nagtatalaga sa una sa panig ng kabutihan at tagumpay at nagpapabukod naman sa hulí; sa hulí, magpapalukob sa Kristiyano ang Moro, at magpapabinyag pa't tatalikdan ang kinapanganakang pananalig.[191]

Mahiwaga rin at punô ng pantasya at pakikipagsapalaran ang komedya. Nagaganap ang mga ito sa mga lupain ng mga hari at reyna, prinsipe at prinsesa, at ng mga daigdig ng malayong Europa[192]—mga tanda ng paglalayo (estrangement) sa mga kinalulugarang konteksto ng mga manonood na pawang nakatatakas sa kanilang mapapait at kolonyal na realidad dahil sa pagtangkilik sa palabas.

Hindi nga ba halos ganito rin ang nása ubod ng soap opera—ang paghulagpusin ang mga tagapakinig o manonood sa pamamagitan ng romantiko't ideyal na katapusan, bagaman dumaraan sa laksang hírap ang mga tauhan, na tiyak na kinaawaan at marahil, sinasabayan sa pag-iyak ng mga tagapakinig/tagapanood?

Ang daranas ng hírap [prinsipe madalas o prinsesang magbibihis lalaki] ay dadalisayin ng kaniyang sapalaran at kakatawan sa lahat ng birtud

190 Ibid., "Meanings of Melodrama," *Melodrama*, 44-49.

191 Fernández, "Tradition and Revitalization," *Palabas*, 63.

192 Ibid., 65.

ng luwalhati at kabutihan, habang ang kaniyang kalaban [marahil, isang lilo sa kaharian o pag-ibig] ay ilalarawan bílang ganap niyang kabaligtaran.[193]

Sa pagtanggap sa karaniwang komedya na kuwento ng pagmamahalan ng isang Kristiyano at Moro—pagtatagpo kung baga ng magkakaibang daigdig na tinatawid ng pag-ibig, na itinatanghal din ng mga de-seryeng drama[194]—una marahil naitalâ ang tatag ng mga unang Filipino sa pagsunod sa mga kuwentong patanghal. Bagay itong higit na pagsusumikapang panatilihin at agapayan ng komodipikadong soap opera.

Likás na maaksiyon at madamdamin ang komedya, dalá na rin ng maiigting at matatalinghagang linyang nakatugma at sukat na naglalarawan ng katapangan at paninindigan ng mga lalaking bida, at ng kadalisayan at pananalig ng babaeng bida.

Maatikabo rin ang mga labanán at pinaghahandaan ang mga ispektakulo ng hiwaga. Lahat ng ito'y nagsanay sa tatag ng manonood na Filipino sa pag-aaliw at pag-aantabay sa kasaysayan, bagay na natagpuan din sa tatag ng tangkilik sa maligoy at siklikong daigidig ng *soap opera* at ng seryalidad nito.

Kapag binása ang talâng ito ni Fernández hinggil sa tatag ng mga katutubo sa panonood ng komedya, hindi maiiwasang maisip na halos ganito rin ang siyang ginagawa ng mga sumusunod sa soap opera sa mga sumunod na panahon:

> The marathon performances occurred during town or barrio fiestas, on improvised platforms erected in fields or vacant lofts, and could last for days or weeks, depending on the whims—and the budgets—of the committees or townspeople in charge. The audience brought their food, their benches, their babies, and ate as they watched their favorite scenes.[195]

Ganitong katatagan sa pakikinig ang mahihiwatigan sa sinipi nang ulat ni Molina sa *This Week* hinggil sa pagtanggap ng madla sa *Gulong*. Sa sobrang tiyaga ng mga tagapakinig ay sinasabing "it (has) figuratively (been)

193 Ibid., 66.

194 Ibid., 63.

195 Ibid., "From Ritual to Realism," 8-9.

responsible for many a Filipino husband's burnt meal."[196] Sinasabi ring "it also caused a big fire in Maypajo," noong 1952: "A sentimental housewife, enthralled over a critical episode, forgot her cooking her gas stove exploded."[197]

Kung tatag sa panonood at pagtangkilik ang naging sandigan ng soap opera at melodrama sa mistulang pagbabangon ng mga ito sa gunita ng komedya, debosyon naman, sa akin, ang hinutok ng mga ito mula sa mga relihiyosong drama.

Maraming anyong relihiyoso ang ipinakilala ng mga misyonero upang makatulong sa ebanghelisasyon bílang "audiovisual reinforcement in their teaching of religion,"[198] tulad ng santakrusan tuwing Mayo, panunuluyan tuwing Pasko, at salubong tuwing Semana Santa.

Ayon sa sariling pag-aaral ni Tiongson (1977) na sinipi ni Fernández, batay o halaw [idinagdag o hinugot at pinahaba] ang mga ito sa liturhiya, kundiman, at iniakma sa liturhikong kalendaryo.[199] Pinakasentro nito, sa palagay ko, ang taunang sinakulo, na mula sa salaysay sa *Pasyon* na inaawit sa mga pabása tuwing Semana Santa, at sinimulang itanghal gámit ang mga taludtod mula mismo sa inaawit na kuwento ng pagdurusa, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Kristo.[200]

Kung susuriin sa sinakulo ang sinasabing

> opposing forces... of good, represented by the *banal,* the holy ones (Jesus and Mary, slow of speech and movement, hands folded and eyes downcast in meekness and resignation); and the forces of evil, represented by the *Hudyo* (Jews), the rough, sharp-tongued soldiers, and the power-holders—Herod, Pilate, Annas, and Caiaphas—who sent Christ to his death[201]

mahihiwatigang namamanata ang mga lumalahok sa mga sinakulo, sa gayunding paraang namamanata rin ang mga manonood sa kanilang pagninilay sa pagtatanghal. Sa aking palagay, pinamamanataan nilang

---

196 Molina, "The Long," 11.

197 Molina, "The Long," 9.

198 Fernández, "From Ritual," *Palabas,* 10.

199 Ibid.

200 Ibid., 11.

201 Ibid., 12.

lahat, hindi lámang ang pangako ng biyaya na nakatanim sa pagsasaloob ng pagpapaubaya ni Kristo sa niloloob ng kaniyang Ama, kundi pati na rin ang mga áral ng kaniyang halimbawa, na nakatalagang bahagi mismo ng *Pasyon*, at sinapantaha ni Tiongson na dahilan ng "non-combativeness, subservience, and resignation of the Filipino who was a perfect colonial for so many years."[202]

Masasabi mang nakahanap ang mga katutubo ng modelong "meek, uncomplaining, at all-accepting" kay Kristo sa sinakulo, nagkaroon naman ng iba pang pagbása rito si Reynaldo Ileto (1979), na nagtatanghal sa pagkakalinang ng katutubong loob habang isinasaloob ang pagbatá ni Kristo sa pagpapakasakit, at maparikalang naghasik ng rebolusyonaryong kamalayan sa ngalan ng pagpapalaya ng sarili mula sa buktot na pamunuang kolonyal.

Bagaman ibinangon na mula sa teksto ng *Pasyon* ang kuwento ni Kristo, naging ubod pa rin nito ang mga áral na nagsisilbing pedagohikong diin sa adhika ng mga misyonero bílang tagapagpakalat ng Kristiyanismo at ahente ng sibilisasyon na may pananaw na kailangang mailigtas ang mga indio na nása pook-kamangmangan at karimlan.

Naging balon ang áral ng hindi matatawarang etikang kumakatawan sa adhikang kolonyal, na hindi magtatagal ay lalapatan ng sariling pagbása [o lihis-bása (misprision)] ng mga katutubo batay sa mga lokal na pananaw at pagpapahalaga. Naging pangunahing sandingan din ito ng mga pamantayang moral sa pang-araw-araw. Ito rin ang makapagdudulot sa mamamayan ng isang teolohiya ng pag-asa, na naglalapat sa bawat sapalaran ng pagbásang magwawakas sa pagkabuhay na muli, mabagyo man at marilim.

Samantala, bukod sa áral, na sa tingin ko'y nagluwal sa didaktikong tradisyong buháy sa panitikang Filipino, na nabuhay din sa mga soap opera [noon at magpahanggang ngayon], isa pang pinag-uugatan ng debosyon ang inilarawan minsan ni Virgilio Almario (1991) na "malungkuting salamisim," na kung panulaang Filipino ang pag-uusapan ay "diwa ng pagpapahayag na nakapako sa labis na himutok at "luhang bumabatis" at sa di makatwirang pagkahilig sa sawing kapalaran"[203]—mga bagay na karaniwan sa mga pagtatanghal at tauhan ng soap opera.

202 Ibid.

203 Virgilio Almario, "Talinghaga, Ang Hiwaga ng Haraya," *Taludtod at Talinghaga: Mga Sangkap ng Katutubong Pagtula* (Lungsod Pasig: Anvil Publishing, 1991), 207.

Nakayukayok sa ganitong temperamento ang *Pasyon*, batay na rin sa higit na bagong pagtataya ni Almario (2006) rito, at hindi na ipagtatanong pa ang kung papaanong umiiral ang ganitong salamisim sa sinakulo na taunang inaabangan sa mga bayan-bayan tulad ng ispektakulo ng mga karosa't pinarangyang mga poon. Dagdag pa ni Almario,

> Ang pasyon ang isang natural na lunan upang pagpunlaan ng malungkuting salamisim... May haka pa akong higit na malusog na paminhian ng damdaming malumbayin ang pasyon kaysa alinmang instrumentong pampanitikan noon... Pasyon ang isang masaganang bukal ng mga sawikain hinggil sa pagtitiis, pag-asa sa awa ng langit, pagsunod sa guhit ng palad, at pagiging lubos na masunurin... Bukod sa diwa, ang himig ng mismong patagulaylay sa pag-awit ng pasyon ay lalong bibighani sa malungkuting salamisim.[204]

Iniuugnay din ni Almario sa malungkuting salamisim ang sinasabing "edukasyong sentimental" ng kathang Filipino sa kaniyang naunang komentaryo (1990). Hindi naglalayo ang kaniyang pagpapaliwanag hinggil sa dalawa, lalo't kung papansinin ang sinasabi niyang dalawang madalas na dalumat na ikinakabit sa sentimentalism—ang labis na "paggamit sa puso" at pagtatanghal ng mga salaysay na "di totoo."

Sa una matatagpuan ang malungkuting salamisim na ikinabagot ng mga manunulat sa panahon ng modernismo sa panitikan dahil puro lámang "palasintahan;" sa ikalawa, ang mga kuwento ng "mayamang umiibig sa mahirap, sukdang itakwil ng magulang... ng nababaliw at nagpapakamatay dahil sa pag-ibig... (ng sawi) dahil lamang sa isang liham o lihim na ipinakatagu-tago... ng nagtatagumpay sa wakas pagkaraang dumanas ng sanlibo't isang paghihirap."[205]

Para kay Almario, ang ganitong pagkakaunawa sa sentimentalismo ang nagtulak, lalo na sa kabuuang edukasyong pampanitikan na hubog ng Americanong New Criticism, na ituring ito na "nakapandidiring katangian sa

204 Virgilio Almario, "Tagulaylay ng Mahal na Ina sa *Mahal na Passion* ni Gaspar Aquino de Belen," *Pag-unawa sa Ating Pagtula: Pagsusuri at Kasaysayan ng Panulaang Filipino* (Lungsod Pasig: Anvil Publishing, 2006), 138.

205 Virgilio Almario, "Laki sa Luha: Isang Edukasyong Sentimental," sa *Kritisismo: Mga Teorya at Antolohiya para sa Epektibong Pagtuturo ng Panitikan,* ed., Soledad Reyes (Lungsod Pasig: Anvil Publishing, 1992), 303.

wika ng mangmang at "bakya," bílang mabahong urian sa lusak ng panlasang popular at komersiyal, at bílang bukbuking pamana ng sinaunang damdamin at kaisipan."[206]

Sa hulí, nagtiyap ang pagtatagpo ng mga nabuong pamantayang moral ng pangangaral at ng pagngunguynguy ng malungkuting salamisim at nagpanday ng isang imahinasyong madaling mapukaw ng soap opera, dulot na rin ng giit sa damdamin ng melodrama.

Ang sarswela naman ay inilarawan ni Fernández bílang dulang sinasaliwan ng musika, at batay sa mga "fiestas de la zarzuela" sa Palacio de la Zarzuela, malápit sa Madrid.[207] Iniuulat niya na malaon nang umiiral at tinatangkilik sa dulaang Espanyol ang anyong ito bago pa man napangalanan, kung kayâ nang makarating ang higit na pinong anyo ng *opera* mulang Italya bandáng 1703, naturingan itong "un arte vulgar" na kontrapunto sa sinasabing ""high" tone of the opera."[208] Para ring *soap opera*!

Kasiya-siyang tagpuan para sa akin ang sa *zarzuela* at *soap opera* sa kaso ng Filipinas dahil malinaw na kapwa iniismiran sa kani-kanilang kasaysayan, bagaman naghandog ng panibagong bukal, mula sa mapangarapin, moralistiko, at palasintahing komedya at mga relihiyosong dula.

Sa sarswela, umagos ang masasabing realistikong bukal ng pagsasadula, lalo't kung isasaalang-alang ang pagpaksa nito sa domestikong búhay na pinaglaru-laruan lámang ng mga nagpasimuno ng sarswela sa bayan-bayan, "reflecting the concerns and perceptions of Filipino daily life."[209] Sinasabi rin ni Fernández na tinunghan ng sarswela ang "Philippine realia, exploring a dimension of verisimilitude that no play on any Philippine stage had done till then."[210]

Bagaman kilalá ring lunsaran ang sarswela ng makabayan at sosyorealistang dulaan, lalo na yaong lumalaban sa kolonyalismong Americano, tulad ng mga akda ni Severino Reyes na *Walang Sugat* at *RIP* [kapwa itinanghal noong 1902], nakilala ang sarswela sa pagpaksa nito sa kuwento ng

206 Ibid. 299.

207 Fernández, "From Ritual," *Palabas*, 14.

208 Ibid.

209 Ibid., 15.

210 Ibid., "Zarzuela to *Sarswela*," 82.

> obedient or disobedient children, negligent or devoted parents, problems brought about by gambling or drinking or politics or poverty, and most of the time, problems and complications involving love (rich boy-poor girl and vice versa; conflicting suitors, each favored by a parent; love between servants, children, parents)[211]

—mga kuwentong pamilyar sa mga tagapakinig ng soap opera sa radyo, lalo matapos ang digmaan dahil na rin sa kanilang kamalayang pandulaan.

Isa pang sa ganang akin ay talagang tumimo sa mamamayan hinggil sa sarswela ay ang pagkatig nito sa masasayang katapusan ng mga kuwento. Tandaang isang dulang panay awitan ang sarswela; bahagi ito ng diyalogo, pagpapaigting ng damdamin, pagpipihit ng kuwento, at paningit na katatawanan[212]—na para sa akin ay nagsilang ng sa rurok ng panahong Americano ay tatawaging bodabil [mula sa *vaudeville,* na sari-saring palabas (awitan, sayawan, katatawanan, atbp.) para sa mga sundalong Americano], at magiging ninuno naman ng kilalá nating anyong telebiswal na variety show.

Dahil hindi mahulagpusan ang ganap na wakas ng salaysay na natutuhan sa mga naunang praktika ng pagkatha ng komedya o sinakulo, tinutunghan ng mga manunulat ang "happy endings," na bagaman lumalabis sa umiiral na katotohanan ay pinaniniwalaang kumakatawan naman sa kanilang mga mithiin sa búhay. Wika pa ni Fernández:

> Since happy endings are less than common in real life, this made for an incomplete realism, but a real one nonetheless, reflective of a period's mores and perceptions."[213]

Samantalang hahalilihan ng papasikat na bodabil at ng mga pelikula ang sarswela bandáng dekada 30[214]—mabubuhay naman ang mga kuwento nito, muli at muli, sa mga soap opera sa panahong saklaw ng ating talakay.

211 Ibid., "From Ritual," 15.

212 Ibid.

213 Ibid., "Zarzuela," 85.

214 Ibid., 88.

## Mga Bukal ng Anyong Pasalaysay

Dapat ding pahalagahan ang ambag ng tradisyong pasalaysay na umiral sa bansa sa proseso ng pag-aangkop sa anyo ng soap opera. Hindi ito maiiwasan sapagkat gaya nga ng makikita, ang mga pangalang nanguna sa pagkatha ng mga kuwento sa de-seryeng drama ang siya ring maniningning na pumitak sa anyo ng maikling kuwento't nobela na madalas ay nalalathala sa anyong de-serye sa mga popular na magasin noong mga panahong iyon.

Dala-dala sa mga soap opera ng mga manunulat na ating binanggit ang kamalayang pampanitikang kagamitan din nila sa pagkatha. Kayâ hindi pagtatakhang hindi naglalayo ang mga diwaing natutunghayan sa mga kuwento't napakikinggan sa mga de-seryeng drama; bagaman wika nga ni Edroza Matute, *hindi masyadong matayog (at) kaunti lang marahil ang mga metaphor* rito. Namamangka ang mga manunulat sa dalawang ilog at kailangan nilang magmaniobra sa masasabing magalaw na mga tubigan ng katha at soap opera.

Minsang iginiit nina Flores at Sta. Maria De la Paz na nararapat lámang suriin «(a)ng usapin ng soap opera sa Pilipinas,» sa «konteksto ng kulturang popular na nakaugat sa teknolohiya ng media at mga sistema ng pagtanggap.»[215] Kayâ hindi natin ito maihihiwalay sa napakaraming anyo ng kulturang popular, kabílang na ang anyo ng nobela ["romance novel" pa nga ang binanggit nila], na inanyuan at pinalusog ng popularisasyon.[216]

Pinahahalagahan ng pag-aaral na ito ang pagturol sa mga batis ng anyong pasalaysay na pinaghanguan din ng mga pamamaraan upang maiangkop ang soap opera.

Maraming maibibigay na kabatiran sa atin ang mga herminal na pag-aaral hinggil sa salaysaying Filipino, partikular na sa nobela, na malapít din sa anyo ng soap opera [ang bawat episodyo ng drama ay maaaring ihambing, halimbawa, sa kaba-kabanatang nagpapasabik sa mambabása; pareho pang sunuran (serialized) ang pagsasalaysay ng dalawa]. Pangunahin dito ang naging pagsiyasat ni S. Reyes (1982) sa pitong dekada ng nobelang Tagalog mulang 1905 hanggang 1975, na nagpook sa mayaman nitong tradisyon at sa umusbong na modernismo.

215 Patrick Flores at Cecilia Sta. Maria De la Paz, "Ang Laya," *Sining at Lipunan* (Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas, 2000), 76.

216 Ibid.

Tatlong oryentasyon ang kaniyang natagpuang umiiral sa daang nobelang sinuri't binakas ang pagkakalikha't pag-unlad sa kasaysayan ng bansa—ang (1) didaktiko o moralistiko, na nakasalig sa áral at pagpapahalaga ng pananampalatayang Krisiyano; (2) romantiko, na nagtataguyod sa ideyal na bisyon sa búhay at lipunan; at (3) realistiko, na matapat sa pagtatanghal, pagbubunyag ng mga sákit panlipunan.

Iginiit niyang naging pook ang mga nobela ng pagtatagpo-tagpo ng mga ito, at kailangang mapahalagahan nang may pagsasaalang-alang sa kasaysayang pambansang siyang una't hulíng tagpuan ng paglikha at pagtanggap sa mga ito. Iginigiit niya ang pangunahing hinuha: salamin ng búhay ang nobela.

Kasunod namang pag-aaral ng kay S. Reyes ang ginawa ni Mojares (1983), na nagtangkang mag-ambag sa kasaysayan ng nobelang Filipino sa pamamagitan ng pagbakas sa henerikong pag-unlad nito hanggang taóng 1940. Tulad ni S. Reyes, nagsuri rin si Mojares ng mga nobelang Tagalog, subalit higit na naging mapangyakap sa pagpapahalaga sa mga nasusulat sa Espanyol, Ingles, Sebuwano, Ilokano, at Hiligaynon—kayâ nga't kahit hindi man ganap ay naging isang mabuting larawan ng pagsasa-"Filipino" ng nobela sa pangkalahatan.

Sa paghanap sa mga diwaing humubog sa pag-aangkop ng anyo ng nobela na isang angkat mulang Kanluran, inugat niya ito sa tradisyon ng salaysay na buháy na panitikang bayan, na paglao'y napalitaw niyang naging batayang balangkas sa pagtanggap sa mga bagong anyong pampanitikan tulad ng nobela. Sa katunayan, itinuturing niyang rurok ng tinaguriang "Philippine narrative tradition,"[217] ang epiko at nobela. Sa proseso ng pag-uugat, dumaan ang hulí sa isang mahabang kasaysayang "marked by profound interruptions and interferences,"[218] mula sa masasabing minulan nitong anyo sa una.

Higit namang nauna sa dalawa ang sintesis na tinupad ni Almario, na unang nailathala noong 1974, at maiaaklat sa kaniyang pagsusuri sa unang siglo ng nobela sa Filipinas noong 2009. Sa paggigiit na "(m)ahalagang pasukin ang nobela bílang bahagi ng pambansang kamalayang naghahanap ng bagong anyo upang isapanitik ang karanasan ng lahi,"[219] wari'y tinangka niya ang lalo

217 Mojares, "Towards a Theory of the Filipino Novel," *Origins and Rise*, 368.

218 Ibid.

219 Virgilio Almario, "Mga Bukal at Batis ng Nobelang Tagalog: Panimulang-suri," *Unang Siglo ng Nobela sa Filipinas* (Lungsod Pasig: Anvil Publishing, 2009), 17.

pang pagpapakalma sa patuloy na paggalaw ng mga konpigurasyon ng anyo. Nagawa niya ito sa pagtukoy sa tatlong "bukal" na aniya'y pinaghahanguan ng nobela, batay sa naging kasaysayan ng pag-angkop at pag-unlad nito sa bansa.

Ang tatlong bukal na ito—ang (1) Katutubo; (2) Kristiyano at (3) Realista—ay kumakatawan, sa mga tunggalian at ugnayang namagitan sa lokal [ang sa una] at Kanluran [sa ikalawa at ikatlo], sa proseso ng pag-unlad at paggulang ng nobela. Sa ganitong modelo ng pagpapahalaga sa nobelang Tagalog, mahihinuhang ibig isaalang-alang ang "kasaysayan ng sambayanang Filipino at mga salungatang puwersang panlipunan at pangkabuhayan," na nagpapaliwanag sa "kaibhan ng naging takbo ng nobelang Tagalog sa mga modelong nobelang Europeo-Americano."[220]

Laman din ng ganitong pagtingin ang pagiging "salamin" ng "pagkaunlad ng nobelang Tagalog" ng "unti-unting pag-ahon ng bansa mula sa mga kondisyong feudal at kolonyal," sapagkat, dagdag pa niya,

> (n)akalarawan sa nobela ang pagkatuyo ng mga negatibo at positibong impluwensiya mula sa Kanluran, ang tunggalian ng nagtatagpong Kanlunrang Europeo-Amerikano at matandang kulturang Filipino, at ang dahan-dahang pangingibabaw ng mga demokratiko at makabansang simulain ng sambayanan.[221]

Inilarawan ni Almario ang katutubong bukal bílang daloy ng naratibong humahango mula sa mga "mga kuwentong-bayan, salawikain, at iba pang karunungang bayan, na nabigyang-diin sa mga akdang relihiyoso nitóng ikalat ang pananampalatayang Kristiyano sa buong bansa."[222]

Ang daloy na ito ay nagagabayan ng isang mitikong bisyon sa pagsusuri sa paligid, at maihahalintulad ang "mahabà, maligoy, at waring pinagtagni-tagning pangyayari," sa mga sapalaran ng maalamat na bayani.[223] Ang sapalaran ay itinuturing na may áral at "nakaugat sa mga kuwentong-bayan, salawikain, at karunungang bayan."[224]

220 Ibid.

221 Ibid., 56.

222 Ibid., 18.

223 Ibid.

224 Ibid.

Apat ang sinasabing madalas na katangian ng naratibo sa daloy na ito: (1) "de-kahon" at "iskematikong pagtatanghal" ng tunggalian ng dalawang ideya, halimbawa na, ang mabuti at masamâ[225]; (2) pagtatanghal ng mga tauhang "mahigpit na kaugnay ng kalahatan"[226]; (3) mga tauhang "hindi nalalayô sa mga tipo ng matandang panitikan, kayâ't kung minsan ay "kumakatawan sa mga tungkuling alegoriko," pati ang mga pangalan[227]; at (4) nakapakong mga pagpapahalaga, kung kayâ't halimbawa, "ang masamâ ay masamâ; ang mabuti ay mabuti.»[228]

Ang sa Kristiyanong bukal naman, na maituturing na akumulasyon ng mga pagpapahalagang naipakilala't naipasaloob ng mga misyonero sa katutubo, ay matagumpay sa paghango sa matandang bukal ng katutubong haraya upang ganap na isalin ang banyagang pananampalatayang bumago sa kamalayang katutubo at nagturo ng pagtanggap sa palad ng pagiging sakóp. Ani Almario, "naiugnay nitó ang kamalayang pambansa sa karanasang Europeo," at napayaman din ang "anyo at paksain ng literatura,"[229] bagaman malinaw na nakapagtanim ng mga "kaisipang kapaki-pakinabang sa naghaharing dayuhan."[230]

Nalinang ng bukal na ito ang "katangiang moral"[231] ng mga salaysay, at ang pagiging mapaghubog nito tungo sa pagkakamit ng mga sakóp ng isang katanggap-tangggap na asal. Itinatakda rin ng kamalayang nagsasalaysay—madalas ang sa nagpapalakad ng mga aparato ng pananakop, tulad ng Simbahang Katoliko—ang isang ideya ng kaayusang pandaigdig, kung saan itinadhana ang lahat ng Diyos at kailangang tanggapin nang maluwag sa dibdib. Hindi nakapagtatakang mula sa mga ito magmula ang mga paniwalang ang bagay-bagay, tulad ng dusa o kahirapan, ay "talaga ng Diyos," "guhit ng palad," "tadhana," o "gulong ng kapalaran."

Sa bukal ding ito palagiang nakikialam ang tagapagsalaysay [parang sa tagapaglahad sa mga soap opera sa radyo], at lubhang ginagamit ang pagiging "maálam-sa-lahat" di lámang sa pagtatanghal ng «sakdal-timyas»

225 Ibid., 19.

226 Ibid., 20.

227 Ibid., 21.

228 Ibid., 20.

229 Ibid., 23.

230 Ibid., 25.

231 Ibid., 24.

o romantikong «larawan ng daigdig," kundi pati na rin ang lantarang pagsisiwalat ng mga "áral at *moraleja* ng bawat insidente sa nobela."[232] Ang salaysay ay palaging tinitiyak na "magwawakas sa isang magandang tagpo," tulad ng pagkakatuluyan ng magsing-irog na matagal hinadlangan ang pagmamahalan.[233]

At dahil nga may "sakdal-timyas" na pananaw sa daigig, hindi nito naiwasan ang lubhang romantisismo, na ani Almario ay "nagkaroon ng pakahulugang Filipino batay sa mga kathang nagpayabong nitó."[234] Uminog ang ganitong balangkas sa mga sumusunod: "idealistikong sasapiting kapalaran ng tauhan"; pagluwalhati sa kahirapan; at pagturing sa nayon bílang "pook ng ligaya," kompara sa lungsod o urbanidad na hindi "sagana sa biyaya ng kalikasan, mabuting pagtitinginan ng tao, at magagandang dalaga."[235] Sa bukal ding Kristiyano umusbong ang mga "katha ng kababalaghan" na may layong mang-aliw ng mambabása, "upang mailayô sa malalagim at madidilim na mukha ng katotohanan."[236] Ang mga nasabing katha ng kababalanghan ang maituturing nating daluyan ng matatawag na bukal na di-realistiko.

Sa isang daigdig ng salaysay kung saan pinahahalagahan naman ang piyudal na katangian ng pag-ibig, pagkamaginoo, at bukal-sa-loob na pagtanggap sa kapalaran, hindi nakapagtatakang bumaha rin ng luha, at bílang epekto, malunod ang «isip ng bayan,» at matabingan ang «(kanilang) mga matá» sa «mahahalagang katotohanan ng lipunan."[237] Papaano'y pinalagaslas ng mga nobelista sa batis na ito ang "sentimentalismo at idealistang pagsusuri sa buhay," na kalaunan, ani ni Almario, ay "bumaha hanggang sa estasyon ng radyo, telebisyon, at putîng tábing."[238]

Samantala, sa batis na Realista, pinahahalagahan ang sinasabing "malalim at matalinong pagsusuri sa mga puwersang historikal na humubog sa kasalukyan ng ating bansa."[239] Pangunahing pagpapahalagang pasalaysay

232 Ibid., 29.
233 Ibid., 32.
234 Ibid., 35.
235 Ibid.
236 Ibid., 36.
237 Ibid., 34.
238 Ibid.
239 Ibid., 38.

ang "makatotohanang paglalarawan ng búhay,"[240] bagaman noong una ay sinasabing hindi gaanong nalinang ang nobela tungo sa isang "adhikaing mapagpalaya," dulot na rin ng pagiging "magastos" ng "paglilimbag ng isang akda" at ng umiiral na tagumpay ng mga "larangang pabigkas" tulad ng dula.[241]

Sa kabila nito, sinasabing nagkaanyo ang nobela sa bansa sa mahusay na pag-angkop sa mga Kanluraning pananaw ng realismo at naturalismo. Dahil sa mga ito ay nagkaroon ng oryentasyong panlipunan ang umahong nobela, na tumitistis sa "makahayop na pag-aasal at makalupang hangarin ng tao, ipokrisya ng lipunan, at ang pisikal at espiritwal na pagkabulok ng naghaharing-uri kaalinsabay ng pagbabâ-ng-pagkatao ng mga pinaghahariang uri."[242] Nananatiling monumento ng anyo ang mga nobela ni Rizal, na patuloy na "kadluan ng mga tula, dula, kuwento, at nobela, hanggang sa kasalukuyan."[243]

Naging paraan din ang mga nobelang realista sa "pagbabalikwas ng mga Filipino laban sa dayuhang mananakop."[244] Naging kritika rin ito ng problema sa lupa at kahinaan ng reporma para rito, pagbubunyag laban sa kahirapan at kabangisan ng lungsod, at pagbabangon ng posibilidad ng pagbabago at katubusan.

Sa larang ng pagtatauhan, umahon mula sa batis-Realista ang "mga bagong bayaning... nahuhubaran ng malabathala at tama-laging kaledad,"[245] dahil higit nang "indibidwalista at gumagawa ng sariling pamantayan ng moralidad."[246] Sa banghay naman, higit na nagiging magiit ang ekonomikong implikasyon ng mga bagay-bagay, kung kayâ't kahit ang "tatsulok ng pag-ibig," halimbawa, ay higit na naging "gulugod ng pangkalahatang puna sa sosyedad," kaysa pagpapatunay ng "kapangyarihang pandaigdig ng pag-ibig."[247]

---

240 Ibid.

241 Ibid., 40.

242 Ibid., 41.

243 Ibid.

244 Ibid., 44.

245 Ibid., 52.

246 Ibid., 51.

247 Ibid., 53.

## *Mélange* ng mga Salik ng Tradisyon

Maikakatwiran, kung gayon, na ang soap opera, sa pagkakaangkop nito sa panahon ng pagtatatag ng sariling tradisyon at kombensiyon, ay ang bagong anyong patanghal na tinunghan ng mga tagapakinig na Filipinong maalam sa mga nakamihasnang tradisyong patanghal.

Bílang panibagong komedya, itinanghal sa mga ito ang karaniwang mga halagahang pangkatauhan at pambanghay na kabesado ng mga táo na hahantong sa isang komikong katapusan—kayâ›t nararapat lámang pagkatatagan ang pag-antabay. Bílang sinakulo, linaman naman ng soap opera ang kuwento ng pagdadalisay ng loob sa gitna ng mga kasawian at pagsubok na natutuhan sa Pasyon—hindi upang magpalugmok dito kundi upang humulagpos o lumaban paglaon. Bílang bagong sarswela, inilapag nito ang pagtatanghal sa higit na malapít na realidad, malapít sa búhay at pagpupunyagi ng mga tagapakinig.

Bílang bagong anyo ng nobela, lalo na ng popular na nobelang sinusundan nang lingguhan ang pagsasalaysay, linaman ng soap opera ang mga diwaing nobelistikong Katutubo, Kristiyano, at Realista. Sa ilan sa mga binanggit na soap opera ng panahong ito, halimbawa, natunghayan ang mitikong bisyon, pati na rin ang mahaba't maligoy na pagsasalaysay na nagtatanghal sa mga de-kahong tunggalian, arketipal na mga kalipunan at tauhan, at nakamihasanang pagpapahalaga sa kabutihan. Ang kasanayan sa ganitong mga kuwento ang sa tingin ko'y higit na nagpabenta sa mga soap opera na ang haba'y nangangahulugan ng tangkilik at kita.

Lalo namang naging buháy sa mga salaysay ng soap opera ang mapangaral na katangian ng Kristiyanong bukal, pagsalig sa gulong ng kapalaran [at ang monumento ng ganitong pagpapahalaga ay ang *Gulong* mismo], at romantikong pananaw na nananalig sa matulaing hustisya, at kung hindi pa man ito makakamit, sa marangal na pagtanggap sa kahirapa't kadustaang nakapagpabaha ng luha sa bawat episodyo. Naging pambalanse sa ganitong sentimentalidad ang pagbaling sa katatakutan at kababalaghan, sa di-realismo, na nagsisilbi ring mangaral ng kabutihan sa mamamayan.

Hindi naman din iniwasan ng soap opera ang mga pangyayaring panlipunan, at naging lunsaran din ito ng pagbaling sa tunay na búhay, lalo na ng mga tagapakinig nitong kababaihan. Ilang paggunita ang ating natunghayan sa kabanatang ito ang nagpapatunay sa ganitong adhika, lalo pa't ibig na maging tunay na salamin ng búhay ang soap opera. Tulad ng nobela, nakabaling ang

soap opera sa daigdig, at kung minsan, tuwiran pa ngang inuulinig ang mga pangyayaring panlipunang dinaranas o kinakaharap ng tagapakinig, tulad halimbawa ng pananalanta ng bagyo o anumang kalamidad.[248]

Sa hulí, hindi pagtatakhan ang pagtayang ginawa ni Vitug (1975) sa mga sinasabi niyang «uri ng dulang panradyo» na malaganap noong mga panahong isinulat niya ang tangka sa pagkakasaysayan ng anyo, batay sa ating pag-uugat sa tradisyong pampanitikan. Ang mga úring iyon ang siyang nalinang mula nang magbalik ang radyo sa eyre matapos ang digmaan.

Apat ang pangunahing anyong nakita niya na umeeyre sa mga komersiyal at di-komersiyal na estasyon—mahihinuhang pawang *mélange* ng mga salik na bumubuo at lumikha sa tradisyon ng *soap opera*. Buháy sa mga komersiyal na estasyon ang (1) "mga dula ng buhay," (2) mga dula ng "bakbakan, kababalaghan at pantasya," at (3) mga "dula ng katatawanan"; (4) sa mga di-komersiyal na estasyon naman umeeyre ang mga maaaring taguriang "dulang institusyonal."[249]

Ang una ay inilarawan ni Vitug na tumatalakay sa "(p)ag-iibigan ng mahirap at mayaman... (p)roblema sa biyenan... (p)roblema ng magulang sa anak;" sa anyong ito paksa ang "problemang pantahanan at mga himutok ng puso," kung kayâ «(umaatikabo rito ang) hagulgulan at nakabibinging sigawan at kalampagan.»[250] Sa ikalawa naman "masusumpungan ang lahat ng 'kampon ng kadiliman,'" at ang "'kagilagilalas na pakikipagsapalaran' ng mga prinsipe."[251]

Sa ikatlo naman, na sinasabi niyang siyang "pinakakaunti," masasabing may tangka sa pagpapagaan, bagaman "higit na madaling lumikha ng mga sitwasyong nagbubuhos ng balde-baldeng luha o magtayo ng mga kastilyo at papagsalitain ang mga tiyanak at tikbalang."[252] Samantala, sa ikaapat naman, itinatanghal ang mga paksaing may kinalaman sa "mga proyekto ng pamahalaan" o "paksaing panrelihiyon."[253]

---

248 Minsang ibinahagi sa akin ni Michael Coroza ang napakinggan niyang panayam ni Liwayway Arceo hinggil sa pagdaragdag ng bagyo sa kuwentong drama habang may bagyo ring nananalanta sa bayan.

249 Vitug, "Pabrika" 16.

250 Ibid.

251 Ibid.

252 Ibid., 17.

253 Ibid.

Malaganap ang mga ito sa pagsulat ni Vitug sa kaniyang artikulo, at sa katunayan, sa Kamaynilaan noon, "(m)ulang Lunes hanggang Sabado... mahigit na apatnapung dulang panradyo ang itinatanghal." Marami sa mga ito ang tumatagal ng tatlumpung minuto," at maaaring "wakasan o de-serye."[254]

Malaki na ang napansin niyang pagbabago sa temporalidad ng *soap opera* noon sapagkat aniya, "(h)indi tulad noong mga unang taon ng 1950 na ang dulang seryalado ay tumatagal nang tatlong buwan," ang mga dulang de-serye sa kaniyang panahon ay tumatagal na lámang ng "anim na araw upang mabuo ang kasaysayan."[255]

Sa tingin ko, nakaapekto sa mga ganitong pagsisiksik ng naratibo ang pagdami ng mga seryeng maaaring tangkilikin, bagay na nagpapatunay sa pagkamalaganap nito sa radyo. Magiging puhunan ng brodkasting ang ganitong pagkamalaganap—at pagkamabulas—ng anyo sa pagsasalin nito patungo sa telebisyon, ang kasunod na bagong pangmadlang midyum.

Samantala, mula sa pahapyaw na saliksik na ito, ibig kong magmungkahi ng sa tingin ko'y isang rubrika ng tatlong pangunahing sangkap na bumubuo sa Filipinisadong anyo ng soap opera, batay sa pagkakatatag nito sa midyum ng radyo. Kung ako ang tatanungin, ang mga ito ang siyang bumuo sa anyo batay sa pagkakasapraktika ng produksiyon at pakikinig nito sa ating bansa. Nakabatay ang mga ito sa triangulasyon o tungkuang naratibo-kita-panahon na hinango sa pagsusuri.

Hindi malabis na sabihing sa mga ito rin uminog ang pagbubuo ng tradisyon at kombensiyon na magiging saligan ng patuloy na pag-unlad. Magiging batayan din ang tatlong ito ng mangyayaring pagsasalin sa soap opera patungo sa telebisyon, at sa mga inobasyong ipakikilala rito:

1. **Salaysay na itinuturing na naiibigan ng tagapakinig.** Maaaring humango ito sa mga kilalá o pamilyar na banghay ng kuwentong búhay, sapalaran, o pag-ibig; humiram sa iba pang kulturang popular tulad ng mga pelikulang Hollywood sa panahong ito; o humalaw sa tunay na buháy ng tagapakinig na lumiliham at nagbabahagi ng kuwento sa programa.

2. **Pagtatanghal na may habang nakabatay sa tangkilik at kaukulang kita.** Ang pagtatanghal sa salaysay ay pinahahaba ng nasusukat na tangkilik. Pinalalayaw ng produksiyon ang tumatangkilik at palagiang

254 Ibid., 16.

255 Ibid.

pinupulsuhan hinggil sa kanilang pagtanggap sa itinatanghal na salaysay. Sa panahong hindi pa gaanong sopistikado ang panunukat, naging mahalagang kasangkapan ang koreyo sa pag-unawa sa pagtanggap ng publiko.[256] Nasusukat din ang tangkilik sa kitang nakakamal ng sumusuportang kompanya at produkto. Bahagi ng kita ang ibinabayad sa estasyong nag-eeyre ng drama at sa mga bumubuo sa produksiyon.

3. **Oras o panahon ng pagtatanghal batay sa kagawian ng pakikinig.** May takdang panahon ang pag-eeyre ng mga soap opera, batay sa domestiko o pang-araw-araw na kagawian ng tagapakinig [sa kasong ito ay pawang mga maybahay o yaong mga kasambahay]. Ang paglalagay ng soap opera sa anumang oras ay paglikha ng kagawian ng pakikinig. Pakikibagay sa kagawian ng tagapakinig, kung gayon, ang pagpoprograma, at paglikha rin ng mga kagawian, upang lalong maging kapaki-pakinabang ang mga oras ng pag-eyre, para sa estasyon at isponsor, sa isang bandá, at sa tagapakinig na naglalaan ng panahon, sa isa pa.

## Ang Soap Opera sa Radyo Bílang Batayan ng Tradisyon

Sa kabanatang ito, tinangka kong palawigin ang mga nakamihasnan at angkat na pagdalumat sa *soap opera* sa pamamagitan ng pahapyaw na pagbubulatlat sa naging kasaysayan ng pag-angkop dito sa ating bansa. Sinikap kong alamin ang pagkakahinuha sa anyong ito lalo sa panahong sinimulang isahimpapawid ito sa radyo, bago maisalin sa telebisyon táong 1963.

Tatlo ang naging paksa ng aking pagbubulatlat—(1) ang naging lugar nito sa kasaysayan ng radyo; (2) ang mga usaping kaugnay ng pakikinig dito; at (3) ang pag-uugat nito sa mga katutubong tradisyong patanghal at pasalaysay. Sa tatlong ito ko itinungko ang aking paghinuha hinggil sa "tradisyon" at "kombensiyon" na naitatag para rito sa ating sariling kultura.

Naigiit natin sa una ang pagiging kolonyal na pamana ng soap opera, tulad ng institusyon ng radyo at kabuuan ng brodkasting, kung kayâ't naunawaan din sa simula batay sa pagkakapakilala rito ng mga Americanong tagapanguna at tagapagtatag.

Samantala, mulang 1938, dumami nang dumami ang mga de-seryeng drama sa radyo, sa iba't iba nitong anyo, at gumulang matapos ng

256 Pinatutunayan ito ng lathalain ni Molina.

digmaan upang naging mahalagang bahagi ng patuloy na lumalaganap na midyum.

Sa ikalawa, naman, inilarawan ang sa mula't mula'y kababaang tingin dito bílang anyo, dulot na rin ng pagkamalaganap ng radyo, lalo matapos ang digmaan; ang kinailangang gamíting wika para rito; at ang kababaiha't maybahay madalas na inaasahang nakikinig nito. Napatunayan ng pagsusuri na naisalin din sa bansa ang pananaw ng kababaan sa pagkamalaganap nito, bagay na natural na nangyari matapos ng pagsasaindustriya ng radyo.

Anumang lumalaganap ay nakamihasnang pinagtataasan ng kilay sapagkat hindi maitakda [lalo ng mga nagtatakda sa mataas na saray ng lipunan] ang mga tatanggapin/katanggap-tanggap na katangian. Dahil nga tayó'y isang kulturang tumanggap ng edukasyong Americano, nasagap din natin ang mga pagpapahalagang pangkulturang nagtuturing sa mga tulad ng soap opera bílang anyong pang-aliwan lámang at di nararapat seryosohin.

Kasabay—at pangangailangan, sa ganang akin—ng institusyonal na paglaganap nito ang pihit patungo sa paggamit sa isang wikang nauunawaan ng lahat—bagay na lalong nagpalubha sa tingin dito, lalo na ng mga mapang-ismir.

Naisalin din sa bansa ang pagiging pambabae't pangmaybahay ng soap opera, isang katangiang sa mula't mula ay batik ng anyo bílang isang kultural na kagawian sa araw-araw. Sinikap nating ipakitang sa bansa, higit na naging malawak ang naaabot nito, datapwa talagang hindi maiwasang maisantabi ito dahil sa angking popularidad sa di iilang kaso at pagkakataon.

Sa pagbabakas naman sa pag-uugat nito sa mga tradisyong pampanitikan, natagpuan nating umiiral sa soap opera ang diwain ng komedya, relihiyosong drama, at sarswela, sa isang bandá; at ng nobela sa isa pa. Lumilitaw ang mga diwaing ito, lalo na, sa mga uri ng kuwentong kumakatawan sa humigit-kumulang 40 taóng pag-iral ng anyo sa midyum ng radyo na sinikap nating saliksikin.

Ikinatwiran ko ang pagiging bagong anyong patanghal ng *soap opera*, at ang mistulang paghalili nito sa tatlong anyong minsan [o patuloy na] naaabot din ng isang malawak na publiko. Iginiit ko rin ang pagiging bagong nobela—at pagiging popular na nobela nito—sa pagsalok sa mga bukal nito, na tuwirang maiuugnay sa pakikisangkot ng mga mangangatha sa produksiyon ng soap opera.

Hindi kalabisang sabihin na matagumpay na napaglabanan ng *soap opera* ang mga prehuwisyo sa pamamagitan ng pagtatag ng isang sariling may mga bakas pa man ng pagiging angkat ay naging totoong Filipinisado at tumutugon sa mga kahingiang Filipino, lalo sa panahong umaahon mula sa digmaan ang Filipinas, at bumabangon bílang isang malayang bansa.

## Talasanggunian


"Administrative Order No. 279, s. 1958," *Official Gazette*, Setyembre 23, 1958, http://www.officialgazette.gov.ph/1958/09/23/administrative-order-no-279-s-1958/.

Alegre, Edilberto. "Pinoy drama is melodrama." *Business World*, Enero 25, 1995.

Allen, Robert. *Speaking of Soap Operas*. Chapel Hill, The University of North Carolina Press, 1985.

Almario, Virgilio. *Taludtod at Talinghaga: Mga Sangkap ng Katutubong Pagtula*. Lungsod Pasig: Anvil Publishing, 1991.

____. *Pag-unawa sa Ating Pagtula: Pagsusuri at Kasaysayan ng Panulaang Filipino*. Lungsod Pasig: Anvil Publishing, 2006.

____. *Unang Siglo ng Nobela sa Filipinas*. Lungsod Pasig: Anvil Publishing, 2009.

____. *Madalas Itanong Hinggil sa Wikang Pambansa*. Lungsod ng Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2014.

Aniceto, Ben, et. al., *Stay Tuned: The Golden Years of Philippine Radio*. Lungsod Quezon: Atlas Publishing, 2007.

Arceo, Liwayway, "Soap Opera: Libangan ng mga Maybahay." *Diwang Pilipino*, Nobyembre 1954.

Bautista, Cirilo. "Radio Boy." *Cirilo F. Bautista.blogspot.com*, Oktubre 13, 2009. http://cirilobautista.blogspot.com/2009/10/radio-boy.html.

Belvez, Paz. "Development of Filipino, The National Language of the Philippines." *NCCA.gov.ph*, Agosto 29, 2015. https://ncca.gov.ph/about-

ncca-3/subcommissions/subcommission-on-cultural-disseminationscd/language-and-translation/development-of-filipino-the-national-language-of-the-philippines/.

Coroza, Michael. "Ang Sining ng Saling-awit: Kasaysayan, Proseso, at Pagpapahalaga." Di-nalathalang manuskrito.

Del Mundo, Clodualdo Jr., ed. *Philippine Mass Media: A Book of Readings*. Lungsod ng Maynila: Communications Foundation for Asia, 1986.

Enriquez, Elizabeth. *Radyo: An Essay on Philippine Radio*. Lungsod ng Maynila, Cultural Center of the Philippines, 2003.

____. "Genoveva Edroza-Matute," Tungkol sa Kababaihan at Drama sa Radyo," *Plaridel* 1 bílang 2 (2004): 133-154.

____. *The Appropriation of Colonial Broadcasting: A History of Early Radio in the Philippines, 1922-1946*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2008.

Fernández, Doreen. *Palabas: Essays on Philippine Theater History*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1992.

Flores, Patrick at Sta. Maria De la Paz, Cecilia. *Sining at Lipunan*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas, 2000.

Gledhill, Christine. "Speculations on the relationship between soap opera and melodrama." *Quarterly Review of Film and Video* 14 bílang 1-2 (1992): 103-124.

Gunaratne, Shelton, ed. *Handbook of The Media in Asia*. New Delhi: Sage Publications, 2000.

Javellana, Lamberto. "The Cinema in the Philippines." *Unitas* (Setyembre 1963): 382-386.

Nograles-Lumbera, Cynthia at Maceda, Teresita, eds. *Rediscovery: Essays on Philippine Life and Culture*. Lungsod Quezon: Department of English, Ateneo de Manila University, 1977.

Lent, John. "Philippine Radio—History and Problems." *Asian Studies Journal* 6: bílang 1 (1968): 37-52.

Mojares, Resil. *The Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel Until 1940*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1983.

Molina, Exequiel. "The Long, Unhappy Life of a Soap Opera." *This Week*, Agosto 1, 1954.

Sánchez, Louie Jon. Panayam kay Loida Flores-Viriña, Set. 5, 2017.

Reyes, Laura. "Soap Opera," *Philippines Free Press*, Agosto 18, 1951.

Reyes, Soledad. *Nobelang Tagalog 1905-1975, Tradisyon at Modernismo*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1982.

____. ed. *Kritisismo: Mga Teorya at Antolohiya para sa Epektibong Pagtuturo ng Panitikan*. Lungsod Pasig: Anvil Publishing, 1992.

____. ed. *Lina Flor: Collected Works*. Lungsod Pasig, Anvil Publishing, 2000.

____. A Dark Tinge to the World: Selected Essays (1987-2005). Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2005.

Singer, Ben. *Melodrama and Modernity*. New York: Columbia University Press, 2001.

Tiongson, Nicanor. *Kasaysayan ng Komedya sa Pilipinas: 1766-1982*. Lungsod ng Maynila: De La Salle University Integrated Research Center, 1982.

Trinidad, Francisco. "Thirty Years of Radio in the Philippines." *Fookien Times Yearbook* 1956.

Valencia, Richie. "O Diyos ko, Maghunusdili Ka." *Diliman Review*, Oktubre-Nobyembre 1979.

Vitug, Virgilio. "Pabrika ng Luha at Pantasya." *Sagisag*, Setyembre 1975.
Wittebols, James. *The Soap Opera Paradigm: Television Programming and Corporate Priorities*. Lanham: Rowman and Littlefields Publishers, 2004.